



مركز اوسول  
Osoul Center  
www.osoulcenter.com



# ISANG ARAW KASAMA ANG IYONG MINAMAHAL (MUHAMMAD ﷺ)



**Abu Khalid Aiman bin Abdul Aziz Abanami**

Sinuri ng kagalang-galang na Sheikh:  
**Dr. Abdul Karim bin Abdullah Al-Khudair**



# يوم مع حبائك

تأليف

أبو خالد أيمن بن عبدالعزيز أبانمي

راجعه فضيلة الشيخ

د. عبدالكريم بن عبدالله الخضير

ترجمة و مراجعة

محمد طه علي



PHILIPPINE  
PILIPINO  
فلبيني

٢٠٠٤ جمعيّة الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة ، ١٤٤٤هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

أبامّي ، أيمن بن عبدالعزيز بن عبدالمحسن

يوم مع حبيك صلى الله عليه وسلم - الفلبينية. / أيمن بن عبدالعزيز بن عبدالمحسن أبامّي -

ط ١ - الرياض، ١٤٤٤هـ

٨٨ ص، ١٢ سم x ١٦,٥ سم

ردمك : ٣-٥٢-٨٣٨٢-٦٠٣-٩٧٨

١- السرة النبوية العنوان

١٤٤٤/٦١٦١

ديوي ٢٣٩

رقم الايداع: ١٤٤٤/٦١٦١

ردمك : ٣-٥٢-٨٣٨٢-٦٠٣-٩٧٨



Ang aklat na ito ay binuo, inihanda at dinisenyo ng Osoul Center, Ang lahat ng mga larawang ginamit sa aklat ay pag-aari ng Osoul Center, At ang Osoul Center ay pinahihintulutan ang lahat ng Sunni Muslim na muling i-print at i-publish ang aklat sa anumang paraan at format sa kondisyon na 1) ang pagkilala sa Osoul Center ay malinaw na nakasaad sa lahat ng mga edisyon; at 2) walang gagawing pagbabago o pag-amyenda sa teksto, at sa muling pag-print sa aklat na ito ay lubos na inirerekomenda ng Osoul Center ang pagpapanatili nito ng mataas na kalidad.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com



Sa Ngalan ng Allah Ang Mahabagin,  
Ang Maawain





ANG KATANGIAN NG PAGKAKALIKHA SA  
KANYA

**15**

ANG KANYANG PATNUBAY SA PAGKAGISING  
NIYA, SA WUDU NIYA AT SA PAGTATAGUYOD  
NIYA

**17**

ANG KANYANG PATNUBAY SA PAGDARASAL  
(SALAH)

**25**

ANG KANYANG PATNUBAY SA MGA  
PAGSASANGGUNI O PAG ALAALA SA ALLAH  
SA UMAGA AT SA GABI

**47**

ANG KANYANG PATNUBAY UKOL SA PAGKAIN  
AT INUMIN

**55**

ANG KANYANG PATNUBAY UKOL SA KANYANG  
KASUOTAN AT PAGLALAKAD AT PAGSAKAY

**59**

MGA KAUGALIAN AT GABAY NI PROPETA  
MUHAMMAD (ﷺ) SA PAKIKISALAMUHA SA  
MGA TAO

**63**

ANG PATNUBAY NG SUGO (ﷻ) SA LOOB NG  
KANYANG TAHANAN AT PAGTULOG

**71**







## ANG PANIMULA

**Ang** pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah na gumawa ng landas ng Kanyang pagmamahal, nakasalalay ito sa pagsunod sa hinirang na matalik Niyang kaibigan, si Muhammad - Sumakanya ang pagpapala ng Allah at kapayapaan.

Sinabi Niya: {**Sabihin mo: Kung tunay ngang minamahal ninyo ang Allah ay sundin ninyo ako, mamahalin kayo ng Allah at patatawarin sa inyo ang inyong mga kasalanan, at ang Allah ay Mapagpatawad, Mahabagin**}. [Quran 3: 31].

At itinakda Niya ang kawalan ng kabuluhan ng pananampalataya ng sinumang binibigyang diin ang higit na pagmamahal sa isa sa mga nilalang kaysa sa pagmamahal sa Kanyang pinakamamahal.

Sinabi ng Sugo ng Allah: **“Hindi magiging ganap ang pananampalataya ng isa sa inyo hangga’t hindi niya ako minahal nang higit kaysa sa kanyang magulang, anak at lahat ng tao.”**<sup>(1)</sup>.

---

(1) Al-Bukhari.

Ang pagpapala at kapayapaan na ganap na eksaktong kumpleto ay ipagkaloob sa hinirang na Propeta, ang napiling tagapatnubay, ang liwanag na nagniningning, ang tagapag-aanyaya na nagbibigay ng magandang balita, ang habag na ipinagkaloob, ang biyayang walang katapusan, ang pagpapala ng Allah at kapayapaan ay mapasa kanya hanggang patuloy na nagsasalit-salitan ang gabi at araw, at mapasakanya ang pagpapala ng Allah hanggang inaalaala siya ng mga mabubuting sumasangguni, at mapasakanya ang pagpapala ng Allah (tulad ng) dami ng patak ng mga ulan, at (tulad ng dami ng) dahon ng mga punongkahoy, at (tulad ng) nagliliparang mga buhangin at mga bato, sa kanyang mga pamilyang dalisay, sa mga Muhajirin (mga nagsilikas mula Makkah patungong Madinah) at mga Ansar (mga taga-Madinah), at sa mga tagasunod sa kabutihan hanggang sa araw ng paghuhukom. Sa huli:

Ang tunay na Muslim ay nangungulila sa kanyang minamahal na si Muhammad (ﷺ), naghahangad na maituring siyang isa sa kanyang mga kaibigan, makaupo ang hinirang, tigib ng liwanag ang kanyang mga mata mula sa kanyang marangal na mukha, marinig ang kanyang matatamis na pananalita, at makita ang kanyang katutubong pag-uugali na nakabibighani ng puso, at makatayo sa pagsamba sa kanyang Panginoon, kahit maisakripisyo niya para doon ang lahat ng pagmamay-ari niya bilang patotoo sa sinabi ng minamahal: **“Ang nagmamahal sa akin ng sobra mula sa aking mga tagasunod ay ang mga taong darating pagkaraan ko, na**

**ang isa sa kanila ay maghahangad na makita lamang ako kapalit ng kanyang pamilya at kayamanan.”<sup>(1)</sup>**

Kaya dahil doon, gayon ang naging kalagayan ng mga tagasunod:

Sinabi ni Ibn Sirin kay Ubaidah bin Amr – kahabagan sila ng Allah – “Mayroon kaming isang piraso ng buhok ng Propeta (ﷺ) mula sa partido ni Anas bin Malik. Sinabi ni Ubaidah: **“Na ako ay magkaroon ng isang buhok niya ay mas gugustuhin ko ito kaysa sa mundo at sa anumang napapaloob dito.”<sup>(2)</sup>**

Sinabi ni Al-Dhahabi, walang nabanggit na kawing ng mga mananalaysay: “Ang katulad nito ay sinasabi ng isang Imam pagkaraan ng Propeta (ﷺ) ng limampung taon!! Kung gayon, ano ang masasabi natin tungkol dito sa panahon natin ngayon kung mahanap natin ang ilan sa kanyang buhok sa pamamagitan ng mapananaligang kawing ng mga mananalaysay?..”

At sinabi pa ni Al-Dhahabi: “At ito ay napatunayan, nang mag-ahit siya (Muhammad ﷺ) ng kanyang buhok, ibinahagi niya ang kanyang marangal na buhok sa kanyang mga kasamahan, bilang parangal sa kanila.”<sup>(3)</sup> Kaya nanghinayang siya sa paghalik sa isang buhok nito)

---

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Muslim.

Sinabi ni Jubair bin Nufail – kahabagan siya ng Allah: “Mapalad ang dalawang mata na ito na nakakita sa Sugo ng Allah, talagang hangarin namin na kung nakita lang namin ang iyong nakita at nasaksihan namin ang iyong nasaksihan.”

Si Thabit Al-Bannani – kahabagan siya ng Allah – ay naging ugali niya na kapag makita niya si Anas bin Malik, ang tagapaglingkod ng Propeta (ﷺ), siya ay pupunta kay Anas at hinalikan niya ang kamay nito at sinasabing: “Tunay na hinawakan ng kamay na ito ang kamay ng Sugo ng Allah, at ganun din ang ginawa ni Yahya bin Al-Harith – kahabagan siya ng Allah – kay Wathilah bin Al-Asqaa – kalugdan siya ng Allah – at ilan sa mga Tabieen kay Salama bin Al-Akwa – kalugdan siya ng Allah – hinalikan nila ang kamay na nangako ng katapatan sa Sugo ng Allah.

Si Al-Hasan Al-Basri ay nagkukuwento tungkol sa isang puno ng kahoy na dating pinagtatayuan ng Sugo ng Allah sa kanyang pagtatalumpati, pagkatapos ay iniwan niya ito at ipinalit niya ang Minbar, kaya tumangis ang puno ng kahoy at may narinig na boses mula sa kanya tulad ng boses ng isang buntis na kamelyo – tulad ng pagtangis ng babaing kamelyo na inagaw sa kanya ang kanyang anak – hanggang sa narinig ito ng lahat ng nasa loob ng Masjid, kaya pinuntahan ng Propeta (ﷺ) at ipinatong niya ang kanyang kamay dito at agad na tumigil<sup>(1)</sup>.

---

(1) Al-Bukhari.

Kaya kapag isinalaysay niya ang Hadith na ito ay sinasabi niya: (O mga Muslim! Ang kahoy ay tumatangis sa Sugo ng Allah sa pananabik na makatagpo siya, kung gayon kayo ang higit na may karapatan na manabik sa kanya).

At ang kalagayan nila ay hindi lamang tumigil sa pagmamahal at pananabik sa kanya, bagkus lumagpas pa ito sa pagsasabuhay nila ng kanyang Sunnah at pagsunod dito hanggang sa inabot nila ang mga nalagpasan nila sa Sugo ng Allah.

Sinasabi ni Abu Muslim Al-Khawlani na pinuno ng mga Tabi`een – kahabagan siya ng Allah – (Napag-aakala ba ng mga kasamahan ni Muhammad (ﷺ) na sila lamang ang naghahangad ng kabutihan sa kanya nang wala kami, katiyakan sumpa sa Allah tunay na kami ay makikipagsiksikan nang labis sa kanila para sa kanya hanggang sa malaman nila na sila ay tunay na nakapag-iwan sa likuran nila ng mga lalaki).

Sa katunayan si Abu Muslim ay tumanggi na ang mga kagalang-galang na Sahabah – kalugdan silang lahat ng Allah – ay natatangi sa paghahangad ng kabutihan sa Sugo ng Allah, At nais niyang makipagkumpitensya sa kanila sa kanilang pagmamahal sa kanya, tunay na napagtanto niya ang kahulugan ng marangal na kumpetisyon at tunay na walang pagiging makasarili sa mga gawaing pagpapalapit at pagsunod, at ang scoop ay nauna sa mga merito at katangian, at siya na pinabagal ang kanyang trabaho ay hindi pinabilis ang kanyang lahi, at tulad ng sinabi nila: Kapag nakita mo ang

isang lalaking nakikipagkumpitensya sa iyo sa mundong ito, ikaw ay makipagkumpitensya sa kanya sa kabilang buhay, at kung kaya mo na hindi ka maunahan ng sinuman sa Allah ay gawin mo.

At ang mga sinaunang ninuno pagkatapos nila ay naging masigasig sa pagsunod sa Sunnah sa bawa't maliit at malaki nito, at narito si Al-Imam Ahmad – kahabagan siya ng Allah – na nagsasabi: (Wala akong sinulat na isang Hadith maliban na ito ay aking ipinatupad hanggang sa dumaan sa akin, na ang Propeta (ﷺ) ay nagsagawa ng cupping at binigyan niya si Abu Taibah ng Dinar. Kaya binigyan ko ang tagagawa ng cupping ng Dinar nang ako ay nag-cupping).

At sinabi niya – kahabagan siya ng Allah: (Kung kaya mong hindi kuskusin ang isang buhok maliban sa isang bakas ay gawin mo).

At wala iyon kundi dahil sa kaganapan ng kanyang pagkatao sa lahat ng bagay. Tulad ng sinabi ni An-Nawawi – kahabagan siya ng Allah: (At kung titingnan mo ang paglalarawan sa kanyang hubog, kagandahan na walang susunod na kagandahan dito, at kung titingnan mo ang kanyang moralidad at kasaysayan, perpekto na walang susunod na mas perpekto dito, at kung titingnan mo ang kanyang kabutihan at ang kanyang kabaitan sa lahat ng mga tao, at partikular sa mga Muslim, pagpapatupad nang walang susunod na pagpapatupad na mas ganap dito).

At walang duda na ang isa sa pinakadakilang mga pagpapala, ay ang mabiyayaan ang isang alipin ng pagmamahal sa kanya – tulad ng sinabi ni Ibnul Qayyim – kahabagan siya ng Allah: (Kapag siya ay naging makatotohanan doon – ang ibig sabihin ay ang isang alipin sa lahat ng mga iniisip niya at ang sabi niya sa sarili ayon sa kagustuhan ng kanyang Panginoon – siya ay bibiyayaan ng pagmamahal sa Sugo at mangibabaw ang kanyang kabanalan sa kanyang puso, kaya siya ay ginawa niyang naging kanyang pinuno, maestro, propesor, punong-guro at huwaran, tulad na siya ay ginawa ng Allah na kanyang Propeta at Sugo at isang gabay sa kanya, kaya sinusubaybayan niya ang kanyang talambuhay at ang mga prinsipyo ng kanyang utos, at kung paano ibinababa ang pahayag sa kanya, at alam niya ang kanyang mga katangian, pag-uugali at kagandahang asal sa kanyang mga galaw at pananahimik, sa kanyang paggising at pagtulog, sa kanyang pagsamba, sa pakikipag-ugnayan niya sa kanyang pamilya at mga kasamahan hanggang sa maging parang kasama niya siya sa ilan sa kanyang mga kasamahan). Madarij al-Salikin (3/268)

Sinabi ko: (Kung sinuman ang lumampas sa pakikisama kay Muhammad (ﷺ), magkagayon huwag niyang hayaan na palampasin ang pakikisama sa kanyang Sunnah).

Napakagandang mabuhay sa isang araw na kasama mo ang iyong minamahal (Muhammad (ﷺ), tinutularan mo siya sa lahat ng sinasabi niya at ginagawa, at sinusunod

mo ang kanyang patnubay sa lahat ng mga bagay, at mararamdaman mo ang iyong labis na kasiyahan..Paanong hindi? Samantalang iyong tinutularan ang pinakamabuti sa mga nilalang, at ginagaya mo siya na para bang nakikita mo siya sa harapan mo.. Subukan mo..at makikita mo yun. Kaya inaasahan kong ang lahat ng mga araw mo pagkatapos nito ay nasa piling ng iyong minamahal na si Muhammad (ﷺ).

Babala: Hindi pinahihintulutan ang paglalaan ng isang araw upang maniwala sa espesyal na kagalingan nito na hindi ito nabanggit sa mga teksto, nguni't pumili ka ng anumang araw upang ito ay maging simula ng pakikisama sa kapahintulutan ng Allah.

At bago tayo magpatuloy kasama ng kanyang araw. Dapat nating malaman ang kalidad ng pagkakalikha sa kanya.







## ANG KATANGIAN NG PAGKAKALIKHA SA KANYA

**Ang** Sugo ng Allah ay parisukat, malayo sa pagitan ng mga balikat, mayroon siyang buhok na umaabot sa earlobes niya, at siya ang may pinakamagandang mukha sa mga tao at may pinakamagandang pag-uugali<sup>(1)</sup>. Hindi siya masyadong matangkad at hindi rin masyadong pandak, at hindi siya gaanong maputi, at hindi siya masyadong kayumanggi, ang kanyang buhok ay hindi kulot (masyadong magaspang), at hindi rin masyadong tuwid na buhok, at siya ang may pinakamagandang mukha sa mga tao, at siya ay may maputing mukha<sup>(2)</sup> na parang gawa sa pilak (Itinuwid ni Al-Albani) at namumulaklak ang kanyang kulay, para bang perlas ang kanyang pawis<sup>(3)</sup>, at marami siyang buhok sa balbas<sup>(4)</sup>. Tinanong si Jabir bin Samurah – kalugdan siya ng Allah: Para bang espada ang mukha niya? At sinabi Niya: (Bagkus, ito ay

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) Muslim.

(4) Muslim.

tulad ng araw at buwan, at bilog ito)<sup>(1)</sup>. at maganda ang bibig niya, mahaba ang hiwa ng mata, at siya ay maputi, gwapo, katamtaman<sup>(2)</sup> “Hindi malaki at hindi payat, hindi matangkad at hindi pandak”, at siya ay may malaking kamay at paa, at ang kanyang mga kamay ay nakaunat<sup>(3)</sup>.

Sinabi ni Anas – kalugdan siya ng Allah: (Wala akong nahawakan na sutla, o brocade na mas malambot kaysa sa palad ng Propeta (ﷺ), at wala akong naamoy na musk, o amber na mas mahusay kaysa sa amoy ng Sugo ng Allah<sup>(4)</sup>. at ang kanyang pawis ay tinitipon at inilalagay sa bote, upang maging pinakamahusay sa lahat ng mga pabango<sup>(5)</sup>).

At ito ang oras sa pagsisimula sa kanyang araw bilang isang pagpapaikli.

Ito ay nakasalalay sa Sahih ayon sa tagapagsalaysay ng kasalukuyang panahon na si Imam Mohammed Nasser al-Din Albani.

Bilang pagpapaikli sa anim na aklat ng Sunnah maliban sa kung ano ang bahagyang kailangan



- 
- (1) Muslim.
  - (2) Muslim.
  - (3) Al-Bukhari.
  - (4) Muslim.
  - (5) Muslim.



## ANG KANYANG PATNUBAY SA PAGKAGISING NIYA, SA WUDU NIYA AT SA PAGTATAGUYOD NIYA

**Naging** kaugalian ng Sugo ng Allah na kapag siya ay nagsising mula sa kanyang pagtulog ay sinabi niya: “Alhamdulillah-lathe ahyaana ba`da maa amaana wa ilayhin nushoor (Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah na Siya ang nagbigay sa atin ng buhay pagkatapos Niyang kunin sa atin, at sa Kanya ang pagkabuhay na muli.”<sup>(1)</sup> at magsisimula siyang gumamit ng Siwak<sup>(2)</sup> at marahil ay binasa niya: {Katotohanan, sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalit-salitan ng gabi at araw ay may mga tiyak na palatandaan para sa mga taong may pang-unawa}. Quran 3: 190 pagkatapos ay nagsasagawa siya ng mahusay na paghuhugas (Wudu)<sup>(3)</sup>.

---

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Al-Bukhari.

At naging kaugalian niya na kapag siya ay pumasok sa banyo ay sinabi niya: **“Allaahumma innee au-thu bika minal khub-thi wal khabaa-ith (O Allah, ako ay nagpapakupkop sa iyo mula sa mga masasamang espiritu ng mga lalaki at babae).”**<sup>(1)</sup>.

At kapag lumabas siya ay sinasabi niya: **“Gufraanak (Hinihiling ko ang Iyong kapatawaran).”**<sup>(2)</sup>, siya ay naghuhugas ng tubig minsan<sup>(3)</sup> at kung minsan ay nagpupunas lamang siya sa pamamagitan ng tatlong bato<sup>(4)</sup> at kung minsan naman ay pinagsasama niya ang mga ito, siya ay nagtatabing at hindi umiiba nang nakatayo<sup>(5)</sup> maliban ng bihira lamang<sup>(6)</sup> at kapag siya ay nagsagawa ng Wudu, nagtitipid siya sa paghuhugas ng tubig, at sinisimulan niyang hugasan ang kanyang mga kamay ng tatlong beses<sup>(7)</sup> pagkatapos ay nagmumog siya at suminghot ng tatlong beses sa pamamagitan ng tatlong pagsalok, ang bawa’t salok ay kalahati para sa bibig at kalahati para sa ilong.<sup>(8)</sup>, pagkatapos ay sisinghot siya ng tubig gamit ang kanyang kanang kamay at ibubuga niya ito gamit ang kaliwa, at ipinag-uutos niya ang

(1) Al-Bukhari.

(2) Ibnu Majah kay Albani.

(3) Muslim.

(4) Al-Bukhari.

(5) At-Tirmidhi kay Albani.

(6) Muslim.

(7) Al-Bukhari.

(8) Al-Bukhari.

labis na pagsinghot kung hindi nag-aayuno<sup>(1)</sup> pagkatapos ay huhugasan niya ang kanyang mukha ng tatlong beses<sup>(2)</sup> mula sa mga ugat ng buhok ng kanyang ulo hanggang sa kanyang balbas at kukuskusin niya ito kung minsan<sup>(3)</sup>, pagkatapos ay huhugasan niya ang kanyang mga kamay mula sa mga dulo ng kanyang mga daliri hanggang sa mga siko ng tatlong beses<sup>(4)</sup>, at mas mabuti para sa kanya ang pag-aatsara ng daliri<sup>(5)</sup>, pagkatapos ay pupunasan niya ang kanyang ulo gamit ang kanyang mga kamay, nagsimula sa harap ng kanyang ulo hanggang sa kanyang batok, pagkatapos ay ibabalik niya ang mga ito sa lugar kung saan siya nagsimula<sup>(6)</sup>, pagkatapos ay pupunasan niya ang likod at panloob ng kanyang mga tainga<sup>(7)</sup>, pagkatapos ay huhugasan niya ang kanyang mga paa hanggang sa bukung-bukong ng tatlong beses<sup>(8)</sup>.

At sinabi ng Sugo (ﷺ): (Walang isa man sa inyo na nagsasagawa ng Wudu at pinagbuti niya ang Wudu, pagkatapos ay sinabi niya: **“Ash-hadu allaa ilaaha illallaahu wah-dahu laa sha-reeka lahu wa ash-hadu anna muhammadan abduhu wa rasooluhu (Ako ay sumasaksi**

- (1) Abu Daud kay Albani.
- (2) Al-Bukhari.
- (3) At-Tirmidhi kay Albani.
- (4) Al-Bukhari.
- (5) Abu Daud kay Albani.
- (6) Al-Bukhari.
- (7) Abu Daud kay Albani.
- (8) Al-Bukhari.

na walang Diyos maliban sa Allah, Siya lamang ang nag-iisa na walang katambal, at ako ay sumasaksi na si **Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo)**” maliban na ang walong pintuan ng Paraiso ay bubuksan para sa kanya, siya ay papasok dito kung alin man ang gusto niya)<sup>(1)</sup>.

At idadagdag pa niya dito ang pagsasabi niya ng: **“Allaahum-maj`alni minat taw-wabeen waj `alni minal mutatah-hireen (O Allah, gawin mo akong isa sa mga mapagbalik-loob at gawin Mo akong isa sa mga nagpapakadalisay).”**<sup>(2)</sup>.

Sinabi ng Sugo ng Allah: **“Kapag ang isang alipin na Muslim o isang naniniwala ay naghugas para sa Wudu at hinugasan niya ang kanyang mukha, ang lahat ng kasalanan na nakita ng kanyang mga mata ay lumabas mula sa kanyang mukha kasama ng tubig, o kasama sa pinakahuling patak ng tubig, at kapag hinugasan niya ang kanyang mga kamay, ang lahat ng kasalanan na nahawakan ng kanyang mga kamay ay lumabas mula sa kanyang mga kamay kasama ng tubig, o kasama sa pinakahuling patak ng tubig, at kapag hinugasan niya ang kanyang mga paa, ang lahat ng kasalanan na nilakaran ng kanyang mga paa ay lumabas kasama ng tubig, o kasama sa pinakahuling patak ng tubig, hanggang sa siya ay lumabas na ganap na malinis sa mga kasalanan.”**<sup>(3)</sup>.

(1) Muslim.

(2) At-Tirmidhi kay Albani.

(3) Muslim.

At naging kaugalian ng Sugo (ﷺ) na magdasal sa gabi ng labing-isang Rak'ah, siya ay nagdarasal ng apat na Rak'ah, at huwag magtanong tungkol sa haba at kahusayan nito, pagkatapos siya ay nagdarasal ng apat na Rak'ah, at huwag magtanong tungkol sa haba at kahusayan nito, pagkatapos siya ay nagdarasal ng Witr na binubuo ng tatlong Rak'ah<sup>(1)</sup>, at minsan ay nagdarasal siya ng labintatlong Rak'ah<sup>(2)</sup>, pagkatapos ay humiga siya hanggang sa dumating sa kanya ang tagatawag ng Adhan, pagkatapos ay tatayo siya at nagdarasal ng dalawang Rak'ah na maigsi, ito ay ang dalawang Rak'ah ng Fajr<sup>(3)</sup>, at binabasa niya rito ang Surah Al-Kafirun at Al-Ikhlâs<sup>(4)</sup>, at kung minsan ay ginagawa niya ang paghiga sa kanang bahagi niya pagkatapos ng dalawang Rak'ah ng Fajr<sup>(5)</sup>,

At kapag narinig niya ang tagatawag ng pagdarasal, sinabi niya kung ano ang sinasabi nito, hanggang sa umabot sa **“Hay alas salah, hay alal Falah (Halina sa pagdarasal, halina sa tagumpay)”** sinabi niya: **“La hawla wa laa quwwata illa billah (Walang kapangyarihan at walang lakas maliban sa Allah).”** (Tumpak) at ipinaalam niya na sinuman ang nagsabi nito mula sa kanyang puso ay papasok sa Paraiso<sup>(6)</sup>,

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) Muslim.

(4) Muslim.

(5) Al-Bukhari.

(6) Muslim.

at iniutos niya ang pagpapala sa kanya pagkatapos ng Adhan<sup>(1)</sup>, at sinabi ng Sugo ng Allah: “Sinumang nagsabi sa oras na narinig ang tawag: **Allaa-humma rabba haa-thehid da’awatit tam-maati was salaa-til qaa-imati a-ti muhammadan al-wasee-lata wal fa-dhee-lata wab `ath-hu maqaa-man mah-moo-dal lathee wa `adtahu (O Allah! Panginoon ng ganap na panawagan na ito at pagdarasal na isasagawa! Pagkalooban Mo po si Muhammad ng karapatang mamagitan at pagkabukod-tangi at iangat siya sa pinakamabuti at pinakamataas na katayuan na Iyong ipinangako sa kanya);** maging karapat-dapat sa kanya ang aking pamamagitan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli.”<sup>(2)</sup>.

At sinabi pa ng Sugo (ﷺ): “Sinumang nagsabi sa oras na narinig ang tagatawag ng pagdarasal: **Ash-hadu an laa ilaa-ha illallaah wah-dahu laa sha-reeka lahu wa anna muhammadan abduhu wa rasooluhu, ra-dhee-tu billaahi rabban wa bi muhammadin rasoolan wa bil islaami deenan (Ako ay sumasaksi na walang Diyos maliban sa Allah, Siya lamang ang nag-iisa na walang katambal, at si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo, tanggap ko ang Allah bilang Panginoon at si Muhammad bilang Sugo at ang Islam bilang relihiyon);** ang kanyang kasalanan ay mapapatawad sa kanya.”<sup>(3)</sup>, pagkatapos ay lumalabas siya patungo sa Salah, at sinasabi niya sa oras na nagtungo siya

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Muslim.



sa Masjid: **“Allaahummaj-al fi qalbi nooran wa fi lisaa-ni nooran wa fi sam-iy nooran wa fi basari nooran wa min fawqi nooran wa min tahti nooran wa an yameeni nooran wa an shi-maali nooran wa min amaa-mi nooran wa min khal-fi nooran wa adh-dhim lee nooran (O Allah, maglagay ng liwanag sa puso ko, at liwanag sa dila ko, at liwanag sa pandinig ko, at liwanag sa paningin ko, at liwanag sa itaas ko, at liwanag sa ilalim ko, at liwanag sa kanan ko, at liwanag sa kaliwa ko, at liwanag sa harapan ko, at liwanag sa likuran ko, at magkaloob sa akin ng dakilang liwanag).”**<sup>(1)</sup>.

At sinabi ng Sugo (ﷺ): **“Magbigay ng magandang balita para sa mga lumalakad sa dilim patungo sa Masjid tungkol sa buong liwanag sa Araw ng Pagkabuhay Muli.”**<sup>(2)</sup>.

At naging kaugalian ng Sugo ng Allah na kapag pumasok siya sa Masjid ay inuuna niya ang kanyang kanang paa, pagkatapos ay sinasabi: **“A-udhu billaahil a-dheem wa sul-taanihil qadeem minash-shay-taanir rajeem (Ako ay nagpapakupkop sa Allah, ang Dakila, at sa Kanyang sinaunang kapangyarihan laban sa pinagtabuyan na demonyo).”**<sup>(3)</sup>.

At kapag siya ay pumasok sa Masjid, sinasabi niya: **“Bismillaahi was salaamu ala rasoolillah, allaahum-**

---

(1) Muslim.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Abu Daud kay Albani.

**magh fir li dhu-noobi waf-tah li abwaa-ba rah-matika (Sa Ngalan ng Allah, nawa’y ang kapayapaan ay mapasa Sugo ng Allah, O Allah, ipagpatawad Mo sa akin ang aking mga kasalanan, at buksan Mo para sa akin ang mga pintuan ng Iyong Habag),” at kapag siya ay lumabas, sinasabi niya: “Bismillaahi was salaamu ala rasoolillah, allaahum-magh fir li dhu-noobi waf-tah li abwaa-ba fadh-lika (Sa Ngalan ng Allah, nawa’y ang kapayapaan ay mapasa Sugo ng Allah, O Allah, ipagpatawad Mo sa akin ang aking mga kasalanan, at buksan Mo para sa akin ang mga pintuan ng Iyong Kabutihang-loob).”<sup>(1)(2)</sup>.**

At nakabubuting sabihin sa paglabas ng Masjid: **“Allaahumma` simuni minash shaitaanir rajeem (O Allah, protektahan Mo ako laban sa pinagtabuyan na diyablo).”<sup>(3)</sup>.**



- 
- (1) An-Nasai kay Albani.
  - (2) Ibnu Majah kay Albani.
  - (3) Ibnu Majah kay Albani.



## ANG KANYANG PATNUBAY SA PAGDARASAL (SALAH)

**Ang** Salah ay kasiyahan ng kanyang mata, kanyang pahingahan at dulugan sa oras ng mga sakuna<sup>(1)</sup>, at naging kaugalian ng Sugo ng Allah na kapag tumayo sa Salah ay kanyang hinihimas ang kanyang bibig sa pamamagitan ng Siwak<sup>(2)</sup>, at siya ay nagdarasal ng may pahalang at lumalapit siya dito<sup>(3)</sup>, at naglalagay siya ng sibat sa harap niya bilang panghalang at siya ay nagdarasal dito<sup>(4)</sup>, at inuutusan niya ang taong nagdarasal na huwag hayaang may dumaan sa harap niya, bagkus dapat niyang pigilan ito<sup>(5)</sup>.

At siya ay humaharap sa Qiblah, pagkatapos ay sinasabi niya: **“Allaahu akbar (Ang Allah ay Dakila)”**<sup>(6)</sup>, habang itinataas

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Al-Bukhari.

(3) Muslim.

(4) Muslim.

(5) Muslim.

(6) Muslim.

niya ang kanyang mga kamay na ang mga daliri ay nakaunat hanggang sa mga sanga ng kanyang tainga, nakatapat sa kanyang mga balikat na nakaharap ito sa Qiblah<sup>(1)</sup>, pagkatapos ay inilalagay niya ang kanyang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwa sa tapat ng kanyang dibdib<sup>(2)</sup>.

At itinuon ang kanyang paningin sa lugar ng kanyang pinagpapatirapaan at hindi niya inililihis ito sa lugar ng kanyang pinagpapatirapaan hanggang sa matapos niya ang pagdarasal (Isinalaysay ni Al-Baihaqi at Al-Hakim, at kinumpirma ito ni Al-Albani), pagkatapos ay bibigkasin niya ang pambungad sa pamamagitan ng pagsasabi ng: **“Allahumma ba`id bayni wa bayna khata-ya-ya kama ba`adta baynal mash-riki wal magh-ribi, allahummagh-silni min khata-ya-ya bil ma-i wath-thalji wal baradi, allahumma naq-qini minath-thunoo-bi wal kha-ta-ya kama yunaq-qith thawbul abya-du minad-danasi (O Allah, ilayo Mo ako sa aking mga pagkakasala katulad ng paglayo Mo sa pagitan ng silangan at kanluran. O Allah, hugasan Mo ako sa aking mga pagkakasala sa pamamagitan ng tubig, yelo at neyebe. O Allah, linisin Mo ako mula sa mga kasalanan at pagkakamali katulad ng pagdalisay Mo sa maputing tela mula sa dumi)”**<sup>(3)</sup>,

At siya ay laging nagpakupkop sa Allah, kaya sinasabi

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

niya: “**A-u-thu-billahis sami`il aleemi minash-shaitanir rajeem min hamzi-hi wa naf-khihi wa naf-thihi (Ako ay nagpapakupkop sa Allah, ang Nakaririnig, ang Nakaaalam laban sa ipinagtabuyan na demonyo mula sa kanyang bulong, sa kanyang hininga at sa kanyang boses).**”<sup>(1)</sup>, pagkatapos ay sinasabi niya: “**Bismillahir rahmanir Rahim (Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain).**” Nguni’t hindi niya ito binibigkas ng malakas<sup>(2)</sup>.

At kapag binabasa niya ang Al-Fatihah, pinaghihiwalay niya ito sa pagitan ng bawa’t Talata, kaya sinasabi niya: “**Alhamdu lilla-hi rabbil a-lameen,**” pagkatapos ay tumitigil at muling nagsasabi: “**Arrahma-nir raheem,**” pagkatapos ay tumitigil at muling sinasabi: “**Ma-likì yaw-middeen.**” Gayon nga hanggang sa katapusan ng Surah, at gayundin ang lahat ng kanyang binabasa, humihinto siya sa bawa’t simula ng Talata, hindi niya idinudugtong dito ang kasunod nito<sup>(3)</sup>.

At sa kanyang pagbabasa, pinahahaba niya ang dapat pahabain<sup>(4)</sup>, at kapag natapos niyang basahin ang Al-Fatihah, sinasabi niya: “**Ameen,**” binibigkas niya ito ng malakas at pinahahaba niya dito ang kanyang boses<sup>(5)</sup>.

At kanyang ipinabatid na ang sinumang sumabay ang

(1) Abu Daud kay Albani.

(2) Al-Bukhari.

(3) Abu Daud kay Albani.

(4) Al-Bukhari.

(5) Al-Bukhari.

pagsabi niya ng Ameen sa pagsasabi ng mga anghel ng Ameen ay patatawarin para sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan<sup>(1)</sup>. At binabasa niya pagkatapos ng Al-Fatihah sa Fajr ang mahahabang Surah<sup>(2)</sup> (mula sa Surat Qaf hanggang sa Surat Al-Mursalat), at nagbabasa siya rito ng 60 na ayah hanggang 100 ayah<sup>(3)</sup>, at minsan ay nagbabasa siya rito ng hindi kumpletong Surah<sup>(4)</sup>.

At sa Fajr ng araw ng Jumuah, siya ay nagbabasa rito sa unang Rak'ah ng Surah As-Sajdah (Kabanata 32) at sa pangalawang Rak'ah ay ang Surah Al-Insan (Kabanata 76)<sup>(5)</sup>.

At sa Salat Dhuhr, sa unang dalawang Rak'ah nito, siya ay nagbabasa rito, sa bawa't Rak'ah ay katumbas sa bilang ng 30 ayah at sa huling dalawang Rak'ah ay katumbas sa bilang ng 15 ayah o kalahati nito.

At gayundin sa Asr sa unang dalawang Rak'ah, sa bawa't Rak'ah ay katumbas sa bilang na pagbabasa ng 15 ayah at sa dalawang huli ay katumbas sa bilang ng kalahati nito<sup>(6)</sup>, at kung minsan ay nililimitahan lang niya ito sa Al-Fatihah sa huling dalawang Rak'ah sa Dhuhr at Asr<sup>(7)</sup>, at minsan ay

---

(1) Al-Bukhari.

(2) An-Nasai kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) Muslim.

(5) Al-Bukhari.

(6) Muslim.

(7) Al-Bukhari.

pinaparinig niya sila ng mga Ayat<sup>(1)</sup>

At tungkol naman sa Maghrib ay nagbabasa siya rito minsan ng mga maiikling Surah <sup>(2)</sup> mula sa Surah Ad-Duha hanggang sa Surah An-Nas.

At minsan ay wala sa mga maiikling Surah tulad ng Surah At-Tur at Al-A`raf<sup>(3)</sup>.

At binabasa niya sa Salatul Isha' ang mga katamtamang Surah<sup>(4)</sup>. At kapag matapos siyang magbasa, itinaas niya ang kanyang mga kamay at nagsasabi ng **“Allaahu akbar** (Ang Allah ay Dakila)” at saka yumuko<sup>(5)</sup>.

At ipinapatong niya ang kanyang mga kamay sa kanyang mga tuhod<sup>(6)</sup> na para bang hinahawakan niya ito<sup>(7)</sup>, at pinaghihiwalay niya ang kanyang mga daliri<sup>(8)</sup>, at inilalayo niya ang kanyang mga siko mula sa kanyang tagiliran<sup>(9)</sup>, at iniuunat niya ang kanyang likuran at itinutuwid ito<sup>(10)</sup>.

At sinasabi niya: **“Subha-na rab-biyal `adeem**

- 
- (1) Al-Bukhari.
  - (2) At-Tirmidhi kay Albani.
  - (3) Al-Bukhari.
  - (4) An-Nasai kay Albani.
  - (5) Al-Bukhari.
  - (6) Al-Bukhari.
  - (7) Abu Daud kay Albani.
  - (8) Abu Daud kay Albani.
  - (9) Abu Daud kay Albani.
  - (10) Al-Bukhari.

(Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Dakila)” ng tatlong beses<sup>(1)</sup>.

At kung minsan ay inuulit niya ito nang higit pa rito, at minsan ay dinadagdagan niya ito, kaya sinasabi niya: “**Subbu-hun Quddu-sun rab-bul mala-ikati war ru-hi** (Kaluwalhatian (sa Iyo), (Ikaw ang) Pinakabanal, Panginoon ng mga Anghel at Espiritu (Gabriel).”<sup>(2)</sup>.

At sinasabi pa niya: “**Subha-nakalla-humma rabba-na wa biham-dika, allahum-magh-fir-li** (Kaluwalhatian sa Iyo O Allah aming Panginoon at sa Iyo ang pagpupuri. O Allah, patawarin Mo ako).”<sup>(3)</sup>.

At pinaparami niya ito sa kanyang pagyuko at pagpapatirapa.

At sa katunayan ay sinabi niya (ﷺ): “**Hindi ko ba talagang ipinagbawal ang pagbabasa ng Quran habang nakayuko o nakapatirapa, kaya sa pagyuko ay dakilain ninyo dito ang Panginoon at sa pagpapatirapa ay maging masigasig kayo sa panalangin, sa gayon ay karapat-dapat kayong tugunan.**”<sup>(4)</sup>.

Pagkatapos ay iaangat niya ang kanyang likod mula sa pagkayuko habang sinasabing: “**Sami-allahu liman hamidah (Nawa’y dinggin ng Allah ang sinumang pumupuri sa**

---

(1) Ibnu Majah kay Albani.

(2) Muslim.

(3) Al-Bukhari.

(4) Muslim.



**Kanya)”** at itataas niya ang kanyang mga kamay kapag nakatayo na siya nang matuwid at kanyang sasabihin habang nakatayo: **“Rabbana wa lakal-hamdu (Panginoon namin, sa Iyo ang lahat ng pagpupuri).”**<sup>(1)</sup>.

At kung minsan ay wala ang katagang **“Wa”**: **“Rabbana lakal-hamdu.”** At minsan inuunahan ito ng **“Allahumma”** ng may **“Wa”** o wala nito<sup>(2)</sup>.

At sinabi niya - sumakanya ang pagpapala at kapayapaan: **“Kapag sinabi ng Imam “Sami-allahu liman hamidah.”** Sa gayon inyong sabihin: **“Allahumma rab-bana lakal hamd,”** sapagka’t sinumang sumabay ang pagsasabi niya sa pagsasabi ng mga anghel ay pinatawad sa kanya ang mga nauna niyang kasalanan.”<sup>(3)</sup>.

At inaprubahan niya ang sinumang nagsabi pagkatapos nito: **“Hamdan kathee-ran tay-yiban muba-rakan fee-hi (Punong-puno ng kapurihang naglalaman ng mga mabubuting pagpapala).”**

At sinabi niya: **“Nakita ko ang mahigit tatlung anghel na nag-uunahan dito, kung alin sa kanila ang unang susulat nito”**<sup>(4)</sup>.

At minsan dinadagdag niya: **“Mil-as-sama-wa-ti wa mil-al-**

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Al-Bukhari.

(3) Al-Bukhari.

(4) Al-Bukhari.

**ardi wa mil-a ma-shi'-ta min shay-in ba`adu (Pumupuno sa mga kalangitan at pumupuno sa lupa at pumupuno sa ano mang bagay na naisin Mo).”<sup>(1)</sup>.**

Pagkatapos ay isasagawa niya ang Takbir (**Alla-hu akbar**) at maghangad ng pagpapatirapa<sup>(2)</sup>.

At inilalapat niya ang kanyang ilong at noo sa lupa<sup>(3)</sup>, at itinutukod niya ang kanyang mga kamay at iniuunat niya ang mga ito<sup>(4)</sup>, at pinagdidikit ang mga daliri ng mga ito at inihaharap ang mga ito sa dakong Qiblah<sup>(5)</sup>, at inilalagay niya ang mga ito sa tapat ng balikat niya<sup>(6)</sup>, at minsan nasa tapat ng kanyang tainga<sup>(7)</sup>,

At inilalapat niya ang kanyang mga tuhod at mga dulo ng kanyang mga paa (Isinalaysay ni Al-Baihaqi at kinumpirma ito ni Al-Albani) at inihaharap niya ang mga dulo ng mga daliri ng mga ito sa Qiblah<sup>(8)</sup>.

At pinaglalayo niya ang pagitan ng kanyang mga hita at binti, at ang pagitan ng kanyang mga hita at tiyan, at inilalayo

---

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Abu Daud kay Albani.

(4) Abu Daud kay Albani.

(5) Abu Daud kay Albani.

(6) Abu Daud kay Albani.

(7) An-Nasai kay Albani.

(8) Al-Bukhari.

niya ang kanyang mga braso sa magkabilang tagiliran niya hanggang sa lumitaw ang puti ng mga kilikili niya sa kanyang likuran<sup>(1),(2)</sup>.

At sinasabi niya sa kanyang pagpapatirapa: **“Subha-na rabbiyal a`ala (Kaluwalhatian sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan)”** tatlong beses (sa Arabik)<sup>(3)</sup>.

At kung minsan ay inuulit niya ito nang higit pa rito, at binabanggit niya ang nabanggit natin sa mga paggunita sa pagyuko (Adhkar Al-Ruku),

At nananalangin siya at sinasabi: **“Allahum-magh-firli tham-bi kul-lahu, diq-qahu wa jil-lahu wa aw-walahu wa a-khi-rahu wa `ala-niya-tahu wa sir-rahu (O Allah, patawarin Mo ako sa lahat ng kasalanan ko, maliit at malaki nito, una at huli nito at ang nakalantad at nakatago nito).”**<sup>(4)</sup>.

At sinasabi niya: **“Allahumma laka sajadtu wa bika a-mantu wa laka aslamtu, sajada waj-hiya lilla-thee khala-qahu wa saw-warahu wa shaq-qa sam-ahu wa basarahu, fa taba-rakalla-hu ah-sanul khali-qeen (O Allah, sa Iyo ako ay tumirapa, at sa Iyo ako ay naniwala, at sa Iyo ako ay sumuko. Nakasubsob ang aking mukha para sa Kanya**

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) Ibnu Majah kay Albani.

(4) Muslim.

na lumikha nito at nagbigay hubog nito at nagkaloob ng pandinig at paningin nito. Kaya ang pagpapala ay sa Allah, ang Pinakamahasay ng mga tagalikha).”<sup>(1)</sup>.

At sinasabi niya: “Alla-humma inni a`u-thu birida-ka min shakhatik wa a`u-thu bimu`a-fatika min oqu-batika wa a`u-thu bika minka, la uhsi thana-an alaika anta kama ath-nayta ala naf-sika (O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyong kaluguran mula sa Iyong galit, at ako ay nagpapakupkop sa Iyong kapatawaran mula sa Iyong kaparusahan at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa Iyo (Sarili). Hindi ko mabibilang ang Iyong mga kapurihan. Ikaw at Ikaw rin kung paano Mong pinuri ang Iyong Sarili).”<sup>(2)</sup>.

At sinabi niya: “Ang pinakamalapit na katayuan ng isang lingkod sa kanyang Panginoon ay sa oras na siya ay nagpatirapa, kaya paramihin ninyo ang panalangin.”<sup>(3)</sup>.

Pagkatapos ay iniaangat niya ang kanyang ulo mula sa pagpapatirapa habang nagsasabi ng: “Alla-hu akbar (Ang Allah ay Dakila).”<sup>(4)</sup>.

Hanggang sa nakaupo siya ng maayos at mailatag niya ng patihaya ang kanyang kaliwang paa at maupuan niya

- 
- (1) Muslim.
  - (2) Muslim.
  - (3) Muslim.
  - (4) Al-Bukhari.

ito, samantalang itinutukod niya ang kanang paa niya at inihaharap ang mga daliri nito sa Qiblah<sup>(1)</sup> at inilalagay niya ang kanyang mga kamay sa kanyang mga hita o sa kanyang mga tuhod<sup>(2)</sup>.

At sinasabi niya: **“Rabbigh-firli, warhamni, wajburni, warfa`ani, wahdini, wa-`a-fini, warzuqni (Panginoon ko, patawarin Mo ako, kahabagan Mo ako, bigyan Mo ako ng kasaganaan, iangat Mo ang aking katayuan, patnubayan Mo ako, bigyan Mo ako ng kalusugan, at bigyan Mo ako ng kabuhayan).”**<sup>(3)</sup>, <sup>(4)</sup>.

At minsan ay sinasabi niya: **“Rabbigh-firli, rabbigh-firli (Panginoon ko, patawarin Mo ako, Panginoon ko, patawarin Mo ako).”**<sup>(5)</sup>.

At pinahahaba niya ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpatirapa hanggang sa parang kasing lapit nito sa kanyang pagpapatirapa<sup>(6)</sup>, <sup>(7)</sup>.

Pagkatapos ay magpapatirapa siya at gagawin niya dito ang tulad ng ginawa niya sa una, pagkatapos ay tatayo siya para sa ikalawang Rak`ah.

(1) At-Tirmidhi kay Albani.

(2) Muslim.

(3) Abu Daud kay Albani.

(4) At-Tirmidhi kay Albani.

(5) Ibnu Majah kay Albani.

(6) Al-Bukhari.

(7) Muslim.

At tungkol naman sa pag-upo niya sa Tashahhud, ipinapatong niya ang kanyang kanang kamay sa hita niya o sa kanang tuhod niya, at itinuturo niya ang kanyang daliri kasunod ng hinlalaki sa Qiblah<sup>(1)</sup>.

At ginagalaw-galaw niya ito habang nananalangin sa pamamagitan nito<sup>(2)</sup>.

At nakatuon ang mata niya rito<sup>(3)</sup>

At binabaluktot niya ang natitirang mga daliri ng kanyang kanang kamay lahat<sup>(4)</sup>

O kinokonekta niya ang hinlalaki at hinlalato<sup>(5)</sup>

At nilalagay niya ang kanyang kaliwang palad sa kanyang hita o kanyang tuhod na kaliwa na inuunat niya ito dito (sa kanyang hita o tuhod)<sup>(6)</sup>.

At siya ay nagsasabi ng Tashahhud sa iba't iba nitong paraan, at isa na dito ang: **“Attahiyya-tu lillaahi wassalawa-tu wat tayyiba-tu, was salamu alaika ayyuhan-nabiyyu warah-matullaahi wa baraka-tuho, assalamu alaina wa ala ibadika assa-liheen, ash-hadu alla-ila-ha illalla-hu wa ash-hadu anna muhammadan abduho wa rasu-luho** (Ang lahat

---

(1) Muslim.

(2) An-Nasai kay Albani.

(3) Muslim.

(4) Muslim.

(5) An-Nasai kay Albani.

(6) Muslim.

ng mga pagbati ay para sa Allah, ang mga dasal at mabubuting bagay ay para sa Allah. Sumaiyo nawa ang kapayapaan o Propeta at ang habag at pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay mapasa-amin at mapasa mga (taong) gumagawa ng mga makatarungang paglilingkod sa Allah. Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang sugo at lingkod.” (Sahih Al-Bukhari ni Al-Albani) Pagkatapos ay humingi siya ng pagpapala (shalawat) para sa kanyang sarili sa mga paraang nabanggit (sa Quran) at isa na dito ang: **(Alla-humma salli ala muhammadin, wa ala a-li muhammadin, kama sallayta ala ibraheema wa ala a-li ibraheema, innaka hameedun majeed,[Un], alla-humma ba-rik ala muhammadin wa ala a-li muhammadin, kama ba-rakta ala ibraheema wa ala a-li ibraheema, innaka hameedun majeed)[Un]**) (O Allah! ipagkaloob ang Iyong pabor kay Muhammad at sa mga angkan ni Muhammad kasingtulad ng ipagkaloob Mo ng pabor kay Ibrahim at sa angkan ni Ibrahim. Katunayan, sa Iyo ang [lahat ng] kapurihan at kaluwalhatian. O Allah! Pagpalain Mo si Muhammad at ang angkan ni Muhammad kasingtulad ng mga pagpapalang Iyong ipanagkaloob kay Ibrahim at ang angkan ni Ibrahim. Katunayan, sa Iyo ang [lahat ng] kapurihan at kaluwalhatian).<sup>”(1)</sup>

At kapag siya ay tumayo tungo sa ikatlong Rakah ay dinadakila niya ang Allah sa pamamagitan ng pagsabi ng

---

(1) Al-Bukhari.

Allahu akbar (ang Allah ay dakila) at itinataas niya ang kanyang dalawang kamay<sup>(1)</sup>.

At kapag siya’y nakaupo para sa tashahhud na panghuli ay ginagawa niya dito kung ano ang kanyang ginawa sa unang tashahhud, ang upong nakatukod ang mga paa habang ang mga daliri ng paa ay nakaturo sa Qiblah)<sup>(2)</sup>.

Samantalang nakaupo sa mga bukung-bukong<sup>(3)</sup>.

At siya ay nagsasabi: “Kapag natapos ang isa sa inyo sa tashahhud, ay magpakupkop siya sa Allah mula sa apat (na sumusunod): **“Alla-humma inni au-thu bika min atha-bil qabri wa min atha-bi jahannama, wa min fitnatil mahya wal mama-ti, wa min sharri fitnatil maseehid dajjal”**

(O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kaparusahan ng libingan, mula sa mga paghihirap sa Apoy (ng Impiyerno), mula sa mga pagsubok at pagdurusa ng buhay at [pagdurusa] sa kamatayan at mula sa mga kasamaan ng mga pagsubok ng Al-Maseeh Ad-Dajjal (Bulaang Kristo).<sup>(4)(5)</sup>, pagkatapos ay magdasal (Du’a) siya para sa kanyang sarili ng kung anong nais niya<sup>(6)</sup>,

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Al-Bukhari.

(3) Muslim.

(4) Al-Bukhari.

(5) Muslim.

(6) An-Nasai kay Albani.



At tinuruan niya si Abu Bakr (kalugdan nawa siya ng Allah) na magsabi ng: **“Alla-humma inni thalamtu nafsi thulman katheeran, wa laa yaghfiruth thunooba illa anta faghfirli maghfiratan min `indika warhamni innaka antal ghafoorur raheem** (O Allah! inapi ko ang aking sarili ng isang malaking pang-aapi at walang makakapagpatawad maliban sa Iyo, kaya patawarin ako at kahabagan [Mo] ako. Katotohanan, Ikaw ang Lubos na Mapagpatawad at Lubos na Maawain)<sup>(1)</sup>.

At pinayuhan niya si Muadh (kalugdan nawa siya ng Allah) na magsabi pagkatapos ng bawat pagdarasal (Salah) ng: **“Alla-humma a`inni ala dhikrika wa husni `iba-datika** (O Allah! Tulungan Mo ako para gunitain Ka, at pasalamatn Ka, at maisagawa sa pinakamabuting pamamaraan ang pagsamba sa Iyo)<sup>(2)</sup>.

At ang pinakahuli niyang sinabi sa pagitan ng tashahhud at Tasleem (pagsabi ng Assala-mu alaikum wa rahmatulla-hi): **“Alla-hummagh-firli ma qaddamtu, wa ma akh-khartu wa ma asrartu, wa ma a`alantu wa ma asraftu, wa ma anta a`alamu bihi minni, antal muqaddimu, wa antal muakh-khiru, laa ila-ha illa anta”** (O Allah! Patawarin Mo ako sa aking mga naunang pagkakasala, at sa mga magiging kasalanan ko sa hinaharap, at sa mga nagawa kong lihim na kasalanan at sa mga kasalanan [gawaing] lantaran, at sa mga [gawaing] pagmamalabis [o kabulagsakan] at sa aking mga

(1) Al-Bukhari.

(2) Abu Daud kay Albani.

gawaing labis ang Iyong kaalaman (kaysa sa akin), Ikaw ang Al-Muqaddim [Pinakauna] at Al-Muakh-khir [Pinakahuli]. Walang may karapatan na sambahin liban sa Iyo)<sup>(1)</sup>.

Pagkatapos niya ay mag-salam siya sa kanan sa pamamagitan ng pagbigkas ng **(Assala-mu alaikum wa rahmatullah)**“Sumainyo nawa ang kapayapaan at habag ng Allah” hanggang sa nakikita ang maputi sa kanyang kanang pisngi (sa kanyang paglingon), at gayundin sa kanyang kaliwa (Assala-mu alaikum wa rahmatullah) “Sumainyo nawa ang kapayapaan at habag ng Allah” hanggang sa nakikita ang maputi sa kanyang kaliwang pisngi (sa kanyang paglingon)<sup>(2)</sup>.

Pagkatapos niyang magsabi ng (Assalamu alaikum wa rahmatullah) sa kanyang pagdarasal ay sinasabi niya: “Astaghfirullah (Humihingi ako ng kapatawaran sa Allah)” (3X), pagkatapos ay sinasabi niya: “Allahumma antas salam wa min-kas salam, taba-rakta ya thal jalaali wal ikraam (O Allah, Ikaw ang Kapayapaan at sa Iyo nanggagaling ang kapayapaan, Ikaw ay tigib ng pagpapala at May Hawak ng Kamahalan at Kapurihan).”<sup>(3)</sup>.

At sinasabi niya: **“Laa ila-ha illalla-hu wahdahu, laa shareeka lahu, lahul mulko wa lahul hamdu, wa huwa ala kulli shay-in Qadeer, alla-humma ma-ni`a lima a`ataita, wa laa mu`atiya lima mana`ata, wa laa yanfa`u thal jaddi**

---

(1) Muslim.

(2) Muslim.

(3) Muslim.

**minkal jaddu** (Walang diyos na karapat dapat sambahin maliban sa Allah sa Kanyang kaisahan, at walang katambal, sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kamahalan at sa Kanya lamang ang lahat ng papuri, at Siya ay may Kakayahan sa lahat ng bagay. O Allah, walang makakapigil sa mga bagay na Iyong ipagkakaloob at walang makapagbibigay sa anumang bagay na Iyong pipigilan. At ang lakas ng isang taong malakas ay hindi makapagbibigay sa kanya ng silbi laban sa Iyo).”<sup>(1)</sup>.

**“Laa ila-ha illalla-hu wahdahu, laa shareeka lahu, lahul mulko wa lahul hamdu, wa huwa ala kulli shay-in qadeer, laa hawla wa laa quwwata illa billa-hi, laa ila-ha illalla-hu, wa laa na`abudu illa iyyahu, lahun ni`amatu wa lahul fadhlu, wa lahuth-thana-ul hasan, laa ila-ha illalla-hu mukh-liseena lahud deena wa law karihal ka-firoon** (Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ng nag-iisa, walang katambal, sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kamahalan at sa Kanya ang lahat ng papuri, at Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay. Walang lakas o kapangyarihan maliban sa Allah. Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at wala kaming sinasamba maliban sa Kanya. Kanya ang lahat ng pabor, biyaya at dakilang pagpupuri. Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at taus-puso ang aming pananampalataya sa Kanya bagama’t kinamumuhian ng mga hindi sumasampalataya (sa Islam).”<sup>(2)</sup>.

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

At sasabihin niya: **“Rabbi qiney a-tha-baka yawma tab-athu iba-daka** (Panginoon ko (Allah) iligtas Mo ako mula sa Iyong mga kaparusahan sa araw na Iyong bubuhaying muli ang Iyong mga alipin).”<sup>(1)</sup>.

At ginawa niyang kanais-nais sa kanyang mamamayan na magsabi sila pagkatapos ng bawat pagdarasal (Salah) ng: **“Subhaanallah”** nang tatlumpu’t tatlong beses at **“Alhamdulillah”** (tatlumpu’t tatlong beses), at **“Allahu akbar”** (tatlumpu’t tatlong beses), at ang pang isang daan ay: **“Laa ila-ha illalla-hu wahdahu Laa shareeka lahu, lahul mulko wa lahul hamdu, wa huwa ala kulli shay-in qadeer** (Walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah sa Kanyang kaisahan at walang katambal, Siya lamang ang makapangyarihan sa lahat at sa kanya ang lahat ng papuri, at Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay)”, at isinalaysay niya ang gantimpala ng magbabasa nito: (Patatawarin ang kanyang mga kasalanan kahit na ito ay katulad ng bula sa dagat).”<sup>(2)</sup>.

At itinataas niya ang kanyang boses sa pagsasanguni<sup>(3)</sup>.

At pinupuri niya ang Allah (Tasbeeh) pagkatapos ng Salah sa pamamagitan ng kanyang kamay<sup>(4)</sup>.

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) Al-Bukhari.

(4) At-Tirmidhi kay Albani.

At kanyang isinalaysay na: (Kung sinuman ang bumasa ng (Ayatol Kursi) talata mula sa Surah Al-Baqarah pagkatapos ng bawat pagdarasal (Salah) na obligado, walang namamagitan sa kanya sa pagpasok ng Paraiso maliban sa siya ay pumanaw.

At iniutos niya na basahin ang mga Muawwidhat (mga Surah na may pagpapakupkop) pagkatapos ng bawat pagdarasal (Salah)<sup>(1)</sup>.

At siya ay nagsasabi pagkatapos niyang magdasal ng Fajr (dasal sa madaling araw): **(Alla-humma inni as aluka ilman na-fian, wa rizqan tayyiban, wa amalan mutaqqabalan)**

“O Allah, ako’y humihiling sa Iyo ng kaalamang makapagdudulot sa akin ng benepisyo at magandang biyaya at mga gawaing katanggap-tanggap.”<sup>(2)</sup>

At sinabi niya: (Kung sinuman ang magsabi bago tumayo at igo ang mga paa mula sa dasal na Magrib at Subh (Salah sa madaling araw) ng: **Laa ila-ha illalla-hu wahdahu laa shareeka lahu, lahul mulko wa lahul hamdu, yuhyi wa yumeetu, wa huwa hayyun laa yamutu, biyadihil khayru, wa huwa ala kulli shay-in qadeer** “Walang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah ng Nag-iisa, walang katambal. Sa Kanya ang Pagmamay-ari ng lahat at sa Kanya ang lahat ng Kapurihan. Siya ang nagbibigay ng buhay at kumukuha nito sa kanyang alipin, Siya ay Buhay at walang kamatayan.

(1) Abu Daud kay Albani.

(2) Ibnu Majah kay Albani.

Sa Kanyang mga kamay (tangan) ang lahat ng mabuti at Siya’y may kakayahan sa lahat ng bagay”, (sampung beses), isusulat sa kanya (talaan ng mga gawa) ng Allah sa bawat isa ang (pagsabi niya) ng sampung mabubuting gawa, at buburahin mula sa kanya (talaan ng mga gawa) ang sampung mga masasamang nagawa niya, at itataas sa kanya ng Allah ang katayuan ng sampung beses, at magiging pananggalang laban sa lahat ng mapaminsala, at pananggalang laban kay Satanas (Shaitan) na isinumpa, at hindi na pahihintulutan ang kasalanan na mahabol siya maliban sa pagtatambal sa Allah, at siya ay mapapabilang sa pinakamagandang tao ang nagawa, maliban sa lalaking makalamang sa kanya na sabihin niya ang mas mainam kaysa sa kanyang sinabi).

At ang Sugo ng Allah ay lagi niyang inaalala ang limang beses na pagdarasal, at isinalaysay niya na katotohanang ang Allah ang pinakamalakas at pinakamataas at ginawa Niya ang mga iyon (limang beses na pagdarasal) na obligasyon sa Kanyang mga alipin sa araw at gabi<sup>(1)</sup>.

At isinalaysay niya na ang limang obligadong pagdarasal ay binubura niya ang mga kasalanan<sup>(2)</sup>.

At kung sinuman ang gumawa nito (pagdarasal ng limang beses sa isang araw) na pinabuti niya ang kanyang ablusyon (Wudu) at kanyang paggalang (sa Allah) at ang kanyang

(1) Abu Daud kay Albani.

(2) Al-Bukhari.

pagyuko, ay patatawarin siya sa mga naunang kasalanan, hangga't hindi ito umabot sa pinakamalaking kasalanan<sup>(1)</sup>.

At sinabi niya na kung sinuman ang tumalikod sa pagdarasal (Salah) Katotohanang siya ay nagtakwil ng pananampalataya (Kafir)<sup>(2)</sup>.

At siya ay naghihikayat na isagawa ang pagdarasal ng sama-sama (Jamaah) sa loob ng Masjid (Mosque) at kanyang sinabi: “Ang pagdarasal ng isang lalaki ng (Jamaah) sama-sama ay dodoblehin sa kanya ang gantimpala ng kanyang pagdarasal ng dalawampu't limang antas kaysa sa pagdarasal niya sa kanyang bahay o sa palengke, at ito ay dahil sa kanyang ablusyon (Wudu) na pinahusay niya, pagkatapos ay lalabas ng bahay patungong Masjid, at walang nagpalabas sa kanya kundi ang layuning magsagawa ng pagdarasal, wala siyang naaapakan ng isang tapak maliban na ito ay itinataas ang kanyang antas, at buburahin sa kanya sa pamamagitan nito ang isang kasalanan, at kapag nagdasal siya ay mananatili ang mga anghel na nananalangin ng pagpapala para sa kanya hanggang siya ay nasa loob ng kanyang pinagdarasalan at sila ay nagsasabi: **“Alla-hum magh-fir lahu, alla-hum marham hu (O Allah, patawarin Mo siya. O Allah, kahabagan Mo siya)**, at siya ay nananatili sa pagdarasal hanggang sa susunod na pagdarasal).”<sup>(3)(4)</sup>.

(1) Muslim.

(2) An-Nasai kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) Muslim.

At naisip niya na sunugin ang mga bahay ng sino mang di tutogon sa pagdarasal ng sama-sama sa Mosque (Masjid)<sup>(1)</sup>.

At sinabi niya: **“Sinuman ang nagdasal ng Isha ng sama-samang pagdarasal, sa gayon ay para niyang itinaguyod ang kalahating gabi at sinuman ang nagdasal ng Fajr ng sama-samang pagdarasal, sa gayon para niyang itinaguyod ang pagdarasal buong gabi.”** (Sahih Muslim). At ipinabatid niya na ang sinumang nagdasal ng Asr at Fajr ay makakapasok ng Paraiso<sup>(2)</sup>.

At siya ay laging nagtataguyod ng Sunan Ar-Rawatib (Mga Buluntaryong pagdarasal) (12 o 10 Rak’ah).

Sinabi ni Ibn Umar (kalugdan sila ng Allah): “Narinig ko mula sa Propeta (ﷺ) ang sampung mga Rak’ah (Buluntaryong Pagdarasal): Dalawang Rakah bago ang Dhuhur at dalawang Rakah pagkatapos nito, dalawang Rakah sa bahay niya pagkatapos ng Maghrib, dalawang Rakah pagkatapos ng Isha sa bahay niya at dalawang Rakah bago ang dasal sa Fajr.”<sup>(3)</sup>.

At kung minsan ay nagdarasal siya bago ang Dhuhur ng apat na Rakah sa bahay niya<sup>(4)</sup>.

---

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Al-Bukhari.

(4) Al-Bukhari.



At lagi niyang binabasa sa (buluntaryong pagdarasal) ng Maghrib ang Surah Al-Kafirun at Al-Ikhlâs<sup>(1)</sup>.

At kung minsan ay binabasa ang dalawang Surah na ito sa Sunnah (buluntaryong pagdarasal) ng Fajr<sup>(2)</sup>, at kung minsan ay binabasa niya sa unang Rakah ang talatang 136 sa Surah Al-Baqarah at sa ikalawang Rakah ang talatang 64 sa Surah Al-Imran<sup>(3)</sup>.

At lagi siyang nagdarasal ng Salatud Duha<sup>(4)(5)</sup>.

At itinagubilin niya ito kay Abu Hurairah (kalugdan siya ng Allah)<sup>(6)</sup>.

At ipinabatid niya na ito ay ginagantimpalaan ayon sa mga kasukasuan ng katawan bilang pang-araw-araw na mga kawanggawa<sup>(7)</sup>. Ibig sabihin: Ito ay tumutumbas ng 360 na kawanggawa,

At siya ay laging nagdarasal (buluntaryong pagdarasal) bago ang Asr ng apat na Rakah, isinasagawa niya ito ng dalawang magkahiwalay na Rakah<sup>(8)</sup>.

---

(1) At-Tirmidhi kay Albani.

(2) Muslim.

(3) Muslim.

(4) Muslim.

(5) At-Tirmidhi kay Albani.

(6) Al-Bukhari.

(7) Muslim.

(8) At-Tirmidhi kay Albani.

At sinabi niya: “Kahabagan ng Allah ang isang taong nagdasal (buluntaryong pagdarasal) ng Apat na Rakah bago ang Asr”<sup>(1)</sup>.



---

(1) Abu Daud kay Albani.



## **ANG KANYANG PATNUBAY SA MGA PAGSASANGGUNI O PAG ALAALA SA ALLAH SA UMAGA AT SA GABI**

**Noon** ang Propeta (ﷺ) pagkatapos niyang magdasal ng Fajr ay hindi siya umaalis sa kanyang kinauupuan (pagkatapos mag dasal) at ginugunita niya ang Allah hanggang sa pagsikat ng araw, at kanyang sasabihin pagsapit ng umaga: **(Allahumma bika asbahna wa bika amsayna, wa bika nahya, wa bika namuto, wa ilaykan nushur).**

“O Allah, dahil sa Iyong kapahintulutan ay inabutan kami ng umaga at dahil sa Iyong kapahintulutan ay naabutan kami ng gabi, at mula sa Iyong kapahintulutan kami ay nabuhay at mamamatay, at sa Iyo ang aming pagkabuhay muli”<sup>(1)</sup>.

At sa pagsapit naman ng gabi ay ipapalit niya ang: **(Wailaykal Maseer “at nasa sa Iyo ang aming kahihinatnan”) sa Wailaykan Noshur.**

At sinasabi rin niya: **(Asbahna wa asbahal mulko lilla-**

---

(1) At-Tirmidhi kay Albani.

**hi, wal hamdulilla-hi, laa ila-ha illalla-hu wahdahu, laa shari-kalahu, laahul mulko wa laahul hamdu, wa huwa ala kulli shay-in qadeer. Rabbi as-aluka khayra ma fi ha-thihil yawmi, wa khayra ma ba'daha. Wa a-uthu bika min sharri ma fi ha-thal yawmi, wa sharri ma ba'daha, a-uthu bika minal kasali, wa su-il kibari, rabbi a-uthu bika min atha-bin fin na-ri, wa atha-bin fil qabri).**

“Narating namin ang panibagong araw, at ang lahat ng ito ay napapaloob sa Kapamahalaan at Kapurihan ng Allah. Walang (diyos na) may karapatan upang sambahin maliban sa Allah na nag-iisa. Walang katambal. Sa Kanya ang Pagmamayari ng Pamamahala at Kapurihan. Siya ang may Kakayahan sa lahat ng bagay. O aking Panginoon, hinihiling ko sa iyo ang mga kabutihan ng araw na ito at ang mga kabutihang susundan nito , at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaang nilalaman ng araw na ito at sa mga kasamaang susundan nito. O Panginoon, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa katamaran at pagka-ulyanin. O Panginoon, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kaparusahan ng Apoy (Impiyerno) at mga kaparusahan ng libingan”<sup>(1)</sup>.

**At sinasabi rin niya: (Asbahna ala Fitratil Isla-mi, wa ala kalimatil Ikhlas, wa ala di-ni nabiyina muhammadin (Sallalla-hu alayhi wa sallam) wa ala millati abi-na ibrahima, hani-fan musliman wa ma ka-na minal mushrikin).**

“Kami ay nagising sa fitratil (relihiyon ng) Islam, at sa salita

---

(1) Muslim.

ng I'khlās (Kadalisayan ng Pananampalataya [Shahadah]), at sa relihiyon ng ating Propeta Muhammad ﷺ, at sa relihiyon ng ama nating Ibrahim (Abraham), na siya ay makatotohanan (sa pagsamba sa Allah) at Muslim at hindi kasama sa mga nagtatambal (sa Allah)<sup>(1)</sup>.

At kung hapon kanyang sabihin: **(Amsayna...)** “kami ay nakaabot ng gabi...”. [kapalit ng **(Asbahna)**].

At hindi niya binabanggit ang mga Du'a na ito sa tuwing sasapit ang umaga at sa tuwing sasapit ang gabi **(Alla-humma inni as-aluka al-afwa wal a-fiya fid dunya wal a-khirah. Alla-humma inni as-aluka al-afwa wal a-fiyata fi di-niy wa dunya-ya wa ahli, wa ma-liy. Alla-hummastur awra-tiy, wa a-min raw-a-tiy. Alla-Hummah-fathni min bayni yadayya, wa min khalfi, wa an yami-niy, wa an shima-liy, wa min fawqiy, wa au-thu bi athamatika an ughta-la min tahti)**.

“O Allah, hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at (pagkalooban ako ng) kagandahang-buhay dito sa lupa at sa kabilang buhay. O Allah, hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at pangangalaga sa aking relihiyon sa aking mga makamundong hangarin, sa aking pamilya at kayamanan. O Allah, pagtakpan ang aking mga kahinaan at kahihiyang. O Allah, alagaan ako mula sa aking harapan at likuran at mula sa aking kanan at kaliwa at sa itaas. Ako ay nagpapakupkop sa Iyong Kadakilaan sa mga nakamamatay na nagmumula sa ilalim”<sup>(2)</sup>.

(1) An-Nasai kay Albani.

(2) Ibnu Majah kay Albani.

At nananalangin siya ng tatlong beses sa tuwing sasapit ang umaga at sa tuwing sasapit ang gabi sa pagsabi niya: **(Allahumma) Alla-humma a-fini fi badaniy, alla-humma a-fini fi sam`iy, alla-humma a-fini fi basariy. Laa ila-ha illa Anta. Alla-Humma inni au-thu bika minal kufri wal faqri,wa au-thu bika min a-tha-bil qabri, laa ila-ha illa anta.**

“O Allah, pagkalooban ng kalusugan ang aking katawan, O Allah, pangalagaan ang aking pandinig. O Allah, pangalagaan ang aking paningin. Walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo. O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo ng dahil sa pagkawalang-paniniwala at kahirapan at ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kaparusahan sa libingan. Walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo”<sup>(1)</sup>.

At isinalaysay niya na ang pangulo ng paghingi ng kapatawaran ay: **(Alla-humma anta rabbi, laa ila-ha illa anta, khalaqtani wa ana abduka, wa ana ala ahhdika, wa wa`dika mastata`tu. Au-thu bika min sharri ma sana`tu, abu-u laka bini`matika alayya, wa abu-u- bithambiy, faghfirli fa-innahu laa yaghfiruth-thunu-ba illa anta)** “O Allah, Ikaw ang aking Panginoon, walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo. Ako ay Iyong nilikha at ako ay Iyong alipin at ako ay susunod sa Iyong mga ipinag-utos at ipinangangako kung gagawin sa abot ng aking makayanan. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking mga gawa. Tinatanggap ko ang Iyong biyaya sa

(1) Abu Daud kay Albani.

akin at tinatanggap ko ang aking mga pagkakasala, kaya patawarin ako, dahil katotohanan, walang makapagbibigay ng kapatawaran maliban sa Iyo”<sup>(1)</sup>. At na kung sinuman ang magsabi nito sa kanyang araw o di kaya sa kanyang gabi at siya ay namatay siya ay kasama sa mga tao sa Paraiso.

At sinabi niya na ang pagbabasa ng **(Qul Huwalla-hu ahad)** at ang MU’AWWITHATAIN (Qul a’uotho birabbil falaq at Qul a’uotho birabin-nas ) ng tatlong beses sa umaga at sa gabi ay sapat na sa lahat ng bagay (nagtataboy ng masasama).

At kung sinuman ang manalangin (sa umaga at sa gabi) ng: **(Bismilla-hil lathi laa yadurru ma`asmih shay-un fil ardi wa laa fis sama-i wa huwas sami-ul alim)**“Sa Ngalan ng Allah, na sa Kanyang pangalan ay walang mapipinsalang bagay dito sa lupa o sa mga kalangitan at Siya ang Lubos na Nakakarinig at Lubos na Nakababatid.” ng tatlong beses, wala nang makapinsala sa kanya na anumang bagay<sup>(2)(3)</sup>.

At tinuruan niya si Abu Bakr (kalugdan nawa siya ng Allah) na manalangin (sa umaga at sa gabi) ng: **(Alla-humma a-limil ghaybi wash shaha-dati, fa-tiras sama-wa-ti wal ardi, rabba kulli shay-in wa mali-kahu. Ash-hadu an laa ila-ha illa anta, au-thu bika min sharri nafsiy, wa min sharris shayta-ni wa shirkihi, wa an aqtarifa ala nafsiy su-an, aw ajurrahu ila muslimin)**“O Allah, ang Lubos na nakababatid

(1) Al-Bukhari.

(2) At-Tirmidhi kay Albani.

(3) Ibnu Majah kay Albani.

sa mga (bagay na) nakalingid at nakalantad, Tagalikha ng mga kalangitan at kalupaan, Panginoon at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay. Ako ay sumasaksi na walang (diyos na) may karapatang sambahin maliban sa Iyo. Ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking kaluluwa at mula sa kasamaan ng Shaytan at ng kanyang mga pagtatambal (Shirk), at mula sa mga pagkakamaling nagagawa na laban sa aking kaluluwa o mapanagutan ng kapwa Muslim”<sup>(1)</sup>.

At pinayuhan niya ang kanyang anak na babae na si Fatima (kalugdan nawa siya ng Allah) na manalangin (sa umaga at sa gabi) ang: **“Ya hayyu, ya qayyumu birahma-tika astaghi-thu aslih li sha’ni kullahu wa laa takilni ila nafsi tarfata aynin”** “O Lalagi ng Buhay! (‘Hayyu), O Walang-Katapusan! (Qayyum) sa pamamagitan ng Iyong habag, hinihiling ko ang Iyong tulong upang ituwid ang lahat kung gawa at huwag ipaubaya sa akin ang pamamahala sa aking sarili ng kahit man kisap mata” (Al-Hakim 1/545)

At sinabi nya: (Sinuman ang magsabi sa tuwing sasapit ang umaga at sa tuwing sasapit ang gabi ng: **Subha-nalla-hi wa bihamdihi** “Kaluwalhatian sa Allah at sa Kanya ang lahat ng Papuri”, ng isang daang beses, wala ng darating kahit na isa sa araw ng paghuhukom na mas mainam pa kaysa sa nagawa niya maliban sa isa na nagsabi rin ng tulad ng kanyang sinabi o di kaya’y dinagdagan pa niya ito<sup>(2)</sup>).

(1) Abu Daud kay Albani.

(2) Al-Bukhari.



At sinabi niya na katotohanang yaon ay magbubura ng mga kasalanan niya kahit pa ito ay tulad ng (dami ng) bula ng dagat.

At sinabi niya: (Sinuman ang magsabi ng: **“Laa ila-ha illa alla-hu wah-dahu laa shari-kalahu, lahul mulko wa lahul hamdu wa huwa ala kulli shay-in qadeer”**).

“Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah na Nag-iisa, Siya ay walang katambal. Sa Kanyang pagmamay-ari ang kamahalan at sa Kanya ang lahat ng kapurihan at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay,” sa loob ng isang araw ng sandaang beses, magkakaroon siya ng katumbas ng nagpalaya ng sampung alipin, at maisulat sa kanya (talaan ng mga gawa) ang sandaang kabutihan, at mabura sa kanya (talaan ng mga gawa) ang sandaang masasama (na nagawa niya), at magkaroon siya ng pananggalang laban sa Shaitan (Satanas) sa araw niyang iyon hanggang sumapit na ang gabi, at wala ng darating ni isa na mas mainam pa sa kanyang ginawa maliban sa isa na gumawa ng mas higit pa dito<sup>(1)</sup>.

At sinabi nya: (Sinuman ang magsagawa sa akin ng Salawat (panalangin sa Allah ) sa tuwing sasapit ang umaga ng sampung beses, at sa tuwing sasapit ang gabi ng sampung beses, masasakop siya ng aking pamamagitan sa araw ng paghuhukom)<sup>(2)</sup>.

(1) An-Nasai kay Albani.

(2) Muslim.

## Ang mga Panalangin sa umaga

Sinabi ng Sugo ng Allah: sinuman ang magsabi kapag inabutan ng umaga ng: **“Radi-tu billa-hi rabban wa bil-islami di-nan wa bi muhammadin nabi-yan”**, “Ikinalulugod ko na Allah ang (aking) Panginoon at Islam ang aking relihiyon at si Muhammad bilang Propeta.”<sup>(1)</sup> kung gayon ako ang namumuno (sa araw ng paghuhukom) pinapangako ko na kukunin ko siya sa kanyang kamay hanggang sa ipasok ko siya sa Paraiso).

## Ang mga Panalangin sa gabi lamang

Isinalaysay ng Sugo ng Allah na sinuman ang mag sabi sa tuwing sasapit ang gabi ng tatlong beses ng **“Au-thu bi kalima-tilla-hit tamma-ti min sharri ma khalaqa”** “Ako ay nagpapakupkop sa ganap na mga Salita ng Allah mula sa kasamaan ng Kanyang mga nilikha.”<sup>(2)</sup> hindi siya mapipinsala ng **Himah** sa gabing iyon, ang ibig sabihin ng **Himah**: kamandag ng mga hayop na makamandag tulad ng mga ahas at alakdan.



---

(1) At-Tirmidhi kay Albani.

(2) An-Nasai kay Albani.



## ANG KANYANG PATNUBAY UKOL SA PAGKAIN AT INUMIN

**Ang** kanyang patnubay sa pagkain ay hindi umaayaw sa kung anong mayroon siya at hindi niya iniisip kung ano ang wala siya, kaya't walang nakahain sa kanya na mga malilinis na pagkain (Halal) maliban sa ito ay kanyang kinain maliban na lang kung ang pagkain ay talagang hindi gusto ng kanyang sarili kaya ito ay kanyang iiwanan na hindi ibig sabihin na ito ay Haram (bawal kainin) at kailanman ay wala siyang napintasan na pagkain, kapag ito ay kanyang nagustuhan ito ay kanyang kakainin at kung hindi naman; ito'y kanyang iiwanan.

At kanyang pinupuri ang pagkaing nagustuhan niya at upang mapasaya niya ang puso ng taong nagpakain nito sa kanya.

At ilan sa kanyang mga patnubay ay ang kumain ng kung anong mayroon, at kapag wala siyang makakain ay siya'y nagtitiis, kaya katotohanang minsan ay kanyang isinisinturon o itinatali ang bato sa kanyang tiyan dulo't ng sobrang pagkagutom,

At minsan ay lumilipas ang araw na wala siyang makain kahit na isang sirang bunga ng Datiles (Tamr)<sup>(1)</sup>.

At minsan naman ay nararanasan ng Pamilya ng Propeta (ﷺ) na tatlong beses dumadaan sa kanila ang buwan ng hindi man lang nagkakaroon ng Apoy sa kanilang tirahan dulot ng walang pagkaing mailuluto<sup>(2)</sup>,

At ang Propeta (ﷺ) kapag pumapasok ng kanyang bahay ay nagsasabi: Mayroon ba kayong pagkain?

Kapag sinabi nilang wala, Sasabihin niyang: “Katotohanang ako ay nag-aayuno”<sup>(3)</sup> At siya ay nag-aayuno ng araw ng Lunes at Huwebes<sup>(4)</sup> at siya ay nag-aayuno ng tatlong araw sa bawa’t buwan<sup>(5)</sup>.

At binibigkas niya ang Bismillah (Sa ngalan ng Allah) sa una niyang subo kapag kakain at pinupuri at pinapasalamatan niya ang Allah pagkatapos niyang kumain, at kanyang sinasabi: **“Alhamdulillah-hil lathi hamdan kathi-ran tayyiban mubarakan fi-hi ghayra (makfiyyin wa laa) muwaddain, wa laa mustaghni anhu rabbana.”** (Ang papuri ay para sa Allah, taglay (Niya) ang mga magaganda at maraming pagpupuri at pagpapala. Hindi ito (mababayaran o di-kaya ay) maiwanan,

---

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Abu Daud kay Albani.

(4) An-Nasai kay Albani.

(5) Muslim.

o di kaya ay maaaring gawin na wala ang ating Panginoon)<sup>(1)</sup>.

At kanyang sinabi: (Sinuman sumubo ng pagkain pagkatapos ay sinabi niya : **“Alhamdulillah-lhi lathi a`tamani ha-tha, wa razaqani-hi min ghayri hawlin minni wa laa quwwatin.”** (Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, na Siyang nagbigay sa akin ng pagkain na ito at tustusan ako nito gayunpamang ako’y walang sariling lakas upang ito ay gawin at ni sarili kong kapangyarihan ay wala) patatawarin sa kanya ang anumang nauna niyang kasalanan<sup>(2)</sup>.

At siya ay kumakain sa pamamagitan ng kanyang tatlong daliri at itoy kanyang dinidilaan bago niya punasan kapag siya’y natapos<sup>(3)</sup>, at siya ay nag-uutos na kumain sa pamamagitan ng kanang kamay at siya’y nagsabi na katotohanang si Satanas ay kumakain at umiinum sa pamamagitan ng kanyang kaliwang kamay<sup>(4)</sup>.

At siya ay hindi kumakain na nakasandal<sup>(5)</sup>, at halos lahat ng kanyang kakainin ay inilalatag sa sahig, at siya ay nagbawal na uminum nang nakatayo<sup>(6)</sup> at ang madalas ay umiinum siya nang nakaupo<sup>(7)</sup>.

---

(1) Al-Bukhari.

(2) At-Tirmidhi kay Albani.

(3) Muslim.

(4) Muslim.

(5) Al-Bukhari.

(6) Muslim.

(7) Muslim.

At siya ay humihinga sa labas ng kanyang tasa nang tatlong beses kapag siya ay uminom at Nagsasabi (**Innahu arwa wa abra' wa amra'** (Katiyakan! Ito ay nakakabusog at nakakaalis ng pagod at nakakagana)<sup>(1)</sup> at siya ay nananalangin para sa nagpakain sa kanya o nagpainum sa kanya sa pamamagitan ng kanyang pagsasabi: **“Alla-humma at-`im man at-`amani wasqi man saqa-ni”**. (O Allah! Pakainin ang sinumang nagpakain sa akin at bigyan ng inumin ang sinumang binigyan ako ng mainom)<sup>(2)</sup>.

At siya ay nananalangin para sa tumanggap sa kanya bilang panauhin sa pamamagitan ng kanyang pagsabi: **“Alla-humma ba-rik lahum fi ma razaqtahum, wagh-firlahum war hamhum.”** (O Allah! Pagpalain sila sa anumang biyayang Iyong ipinagkaloob sa kanila. Patawarin sila at kaawaan sila)<sup>(3)</sup>.



---

(1) Muslim.

(2) Muslim.

(3) Muslim.



## **ANG KANYANG PATNUBAY UKOL SA KANYANG KASUOTAN AT PAGLALAKAD AT PAGSAKAY**

**Ang** Sugo ng Allah kapag nagsusuot ng damit siya ay nagsabi: **“Alhamdulillah-lathi kasa-ni ha-tha (ath-thawba) wa razaqani-hi min ghayri hawlin minni wa laa quwwah”**. (Ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah, dinamitan ako (ng damit na ito) at inihanda para sa akin sa kadahilanang ako ay walang kakayahan at sariling lakas)<sup>(1)</sup>.

At kapag siya ay nagsuot ng bagong damit pinapangalanan niya ito sa kanyang pangalan na Turban o di kaya’y kamiseta o di kaya’y balabal pagkatapos ay kaniyang sasabihin: **“Allahumma lakal hamdu anta kasawtani-hi as-aluka min khayrihi wa khayri ma suni`a lahu wa au-thu bika min sharrihi wa sharri ma suni`a lahu”**. (O Allah, sa Iyo ang lahat ng pagpupuri, ako’y dinamitan Mo, Hinihiling ko sa Iyo ang kagandahan nito at ang kagandahan sa paggawa nito, at

---

(1) Abu Daud kay Albai.

ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga kasamaan nito at ang mga kasamaan sa paggawa nito)<sup>(1)</sup>.

At ang pinakamainam na damit sa Sugo ng Allah ay ang Qamiys<sup>(2)</sup> at Hibarah<sup>(3)</sup>.

Ang Qamiys ay: Tinahi na mayroong dalawang manggas at mayroong siwang para sa leeg at ito ay kahawig din ng kilalang damit.

At ang Hibarah ay: Mga damit mula sa uri ng kasuotan ng Yemen mula sa koton (cotton) na mayroon itong mga pulang linya.

At ang pinakamainam sa kanya na kulay ay ang puti kaya't siya ay Nagsabi (Ang pinakamagandang damit ninyo ay ang puti kaya ito'y inyong suotin at isaplot sa mga namatay sa inyo)<sup>(4)</sup>.

At kanyang kinasusuklaman ang pagsusuot ng kulay pula na walang halo at ito ay kanyang ipinagbawal<sup>(5)</sup>, at isinumpa ng Sugo ng Allah ang lalaking nagsusuot ng kasuotang pambabae at ang babaing nagsusuot ng kasuotang panlalaki<sup>(6)</sup>.

---

(1) Abu Daud kay Albani.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) Ibnu Majah kay Albani.

(5) Al-Bukhari.

(6) Abu Daud kay Albani.



At nang kanyang makita sa anak na lalaki ni Amr ang dalawang damit na ginamitan ng tina na safflower, siya ay Nagsabi (Katotohanang ito ay mula sa damit ng mga nagtakwil sa pananampalataya kaya huwag mo itong susuotin)<sup>(1)</sup> at kanyang ipinagbawal ang damit na hindi pangkaraniwan<sup>(2)</sup>, at ang pagsuot ng sutla at ginto para sa lalaki<sup>(3)</sup>, at kanyang ipinagbawal ang paghila sa damit na pagmamayabang at pagmamalaki<sup>(4)</sup> at ang pagbaba ng kasuotan lagpas sa dalawang bukung-bukong sa anupamang kadahilanan, kaya't kanyang sinabi (anumang lumagpas sa ibaba ng bukung-bukong na pambalot pang-ibaba ay nasa empyerno)<sup>(5)</sup>.

At ang kanyang pambalot pang-ibaba ay nasa kalahati ng kanyang binti (Itinama ito ni Al-Albani sa shamael) at kapag siya ay nagsuot ng damit siya ay nagsisimula sa kanyang mga kanan<sup>(6)</sup>, at kanyang sinabi: (Kung magdadamit kayo at mag-aablasyon (maghuhugas) kayo ay magsimula sa inyong kanan)<sup>(7)</sup>.

At kapag siya ay naghuhubad ng kanyang damit, siya ay nagsisimula sa kaliwa, at ganun din sa pagsusuot niya ng kanyang sandalyas o sapatos, kaya siya ay nagsabi patungkol

---

(1) Muslim.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Muslim.

(4) Al-Bukhari.

(5) Al-Bukhari.

(6) At-Tirmidhi kay Albani.

(7) Abu Daud kay Albani.

sa kanang binti (dapat lang na siya ang mauna sa kanilang dalawa suotan ng sandalyas o sapatos at panghuling tanggalan nito)<sup>(1)</sup>.

At siya ay nagbawal ng paglalakad gamit lamang ang isang pares ng sandalyas o sapatos<sup>(2)</sup>, at siya ay naglalakad ng walang suot na sandalyas o sapatos paminsanminsang<sup>(3)</sup>, at siya (ﷺ) Kapag naglalakad, siya ay nakahilig na parang bumababa mula sa isang pagbuhos<sup>(4)</sup>, at kapag siya ay naglalakad ay inaangat niya ang kanyang mga paa mula sa lupa na buong buo.

At siya (Muhammad ﷺ) ay kanyang inilalagay ang kanyang binti sa Estribo upang sumakay sa kanyang sasakyang hayop at kanyang sinasabi ang (Bismillah) kapag siya ay nasa patag na ng likuran nito ay kanyang sinasabi ang (Alhamdulillah) pagkatapos ay kanyang sasabihin: **“Subha-nal lathi sakh-khara lana ha-tha wa ma kunna lahu muqrini-na wa inna ila rabbina la munqalibun”**. (Sa Ngalan ng Allah, at ang lahat ng pagpupuri ay para sa Allah. Kaluwalhatian sa Kanya, na Kanyang inilaan (ang sasakyan) para sa amin, kahit na hindi kaya ng aming sarili upang magkaroon nito. At katotohanan nasa aming Panginoon ang aming pagbabalik).

Pagkatapos ay kanyang sasabihin: **(Alhamdulillah)** “Ang

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Al-Bukhari.

(3) Abu Daud kay Albani.

(4) At-Tirmidhi kay Albani.

lahat ng papuri ay sa Allah lamang” tatlong beses at pagkatapos: (Allahu akbar) tatlong beses, pagkatapos ay kanyang sasabihin: “**Alla-humma inni thalamtu nafsi fagh-firli, fa innahu laa yagh-firuth thunu-ba illa anta**” (O Allah! katotohanan niligaw ko ang sarili kong kaluluwa. Patawarin ako, dahil walang tiyak na makapagbibigay ng kapatawaran sa mga pagkakasala maliban sa Iyo)<sup>(1)</sup>.



---

(1) Abu Daud kay Albani.





## MGA KAUGALIAN AT GABAY NI PROPETA MUHAMMAD SA PAKIKISALAMUHA SA MGA TAO

**Ang** Propeta (ﷺ) ang taong pinakamaganda ang pagmumukha at pinakamaganda ang pag uugali<sup>(1)</sup>.

Samakatuwid ay hindi siya nagsasalita ng malasawa at hindi rin siya gumagawa ng masama (o kalaswaan) at hindi siya nakikipag pataasan ng boses (sa mga tao) sa palengke, at hindi siya gumaganti ng masama sa taong nakagawa ng masama sa kanya, bagkus siya ay nagpapatawad at nagpapaumanhin<sup>(2)</sup>.

At hindi siya (ang Propeta ﷺ) kailanman gumaganti sa mga hindi makatarungang ginawa sa kanya kahit kailan hangga't hindi ito umaabot sa mga bagay na ipinagbabawal ng Allah, sapagkat kung ito ay umabot na sa mga bagay na ipinagbabawal ng Allah kung gayon ay siya naman ang pinakamalupit magalit at maghiganti,

---

(1) Al-Bukhari.

(2) At-Tirmidhi kay Albani.

At hindi siya pinapili sa pagitan ng dalawang bagay, maliban sa ang kanyang pipiliin ay ang magaan sa kanila hangga't hindi ito magiging kasalanan<sup>(1)</sup>,

At wala siyang nasampal o nahampas o napagbuhatan ng kamay kahit kailan, at hindi siya nakapagbuhat ng kamay sa mga alipin, maging sa babae man o tagapagsilbi, maliban na lang kapag siya ay nakikipaglaban sa landas ng Allah<sup>(2)</sup>,

At sinabi ni Anas (kalugdan nawa siya ng Allah): Pinagsilbihan ko ang Propeta (ﷺ) nang sampung taon at hindi niya ako nasabihan ng Uff (salitang kawalang-paggalang) kahit kailan, at hindi rin niya ako pinagsabihan sa mga bagay na ginawa ko: Bakit mo iyon ginawa? at hindi rin niya ako sinabihan sa mga bagay na nakaligtaan ko o hindi ko ginawa ng: Bakit mo iyon iniwan o hindi ginawa?<sup>(3)</sup>

At ang Propeta (ﷺ) kapag siya ay nakipagkamayan o kinamayan ng isang lalaki ay hindi niya ibababa o aalisin ang kanyang kamay hangga't hindi inaalis o ibinababa ng lalaki ang kanyang kamay.

At ihaharap niya ang kanyang mukha at ang kanyang pananalita sa taong kaharap niya o kausap niya hanggang sa maisip ng taong yaon na siya ang pinakamalapit na tao o pinakamamahal niya,

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) At-Tirmidhi kay Albani.

At sinabi ni Jarir bin Abdullah (kalugdan nawa siya ng Allah): Walang pagkakataon na nakita ako ng Sugo ng Allah simula noong yumakap ako sa pananampalatayang Islam maliban na siya ay nakangiti<sup>(1)</sup>,

At sinabi ni Abdullah bin Al-Haris (kalugdan nawa siya ng Allah): Wala akong nakita ni isang tao na palangiti na makakahigit pa sa Sugo ng Allah<sup>(2)</sup>.

At ang Sugo ng Allah kapag nangungusap o nagsasalita siya ay kung bibilangin lang ang kanyang mga sinasabi ay makakayang bilangin (mahinahon magsalita)<sup>(3)</sup>, at ang kanyang salita ay malinaw, maiintindihan ng lahat ng nakakarinig nito<sup>(4)</sup>,

At kapag siya ay nagsasalita ay mahinahon at hindi nagmamadali<sup>(5)</sup>, samakatuwid inuulit pa niya hanggang tatlong beses upang sa gayon ay maunawaan ng maayos ang kanyang sinasabi<sup>(6)</sup>,

At kapag may dumating na bagay o kuwento sa kanya tungkol sa isang lalaki, hindi siya magsasabi ng: Ano ang nangyari o iniisip ng ginoong yaon na nagsabi..., datapuwa't sasabihin niya: Ano ang nangyari o iniisip ng mga taong sinasabi ang ganito o ganyan<sup>(7)</sup>,

---

(1) Al-Bukhari.

(2) At-Tirmidhi kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) Abu Daud kay Albani.

(5) Al-Bukhari.

(6) Al-Bukhari.

(7) Abu Daud kay Albani.

At palagi niyang sinasangguni ang Allah sa lahat ng sandali<sup>(1)</sup>,

At nabibilang ng mga kasamahan niya ang paghingi niya ng kapatawaran sa Allah na umaabot ng isang daan (100) ulit sa iisang pagpupulong lang, sinasabi niya: (Panginoon ko patawarin Mo ako at tanggapin Mo ang aking pagbabalik loob dahil katotohanan na ikaw ang tumatanggap ng pagbabalik-loob na maawain)<sup>(2)</sup>.

At sinabi pa niya: (sumpa man sa Allah katotohanang ako ay humihingi ng kapatawaran sa Allah at nagbabalik-loob sa Kanya sa loob ng isang araw ng higit sa pitumpung (70) beses)<sup>(3)</sup>,

At karamihan sa kanyang dalangin ay: “Rabbana” [Aming Panginoon] ibigay Mo sa amin dito sa mundo ang magaganda at maging sa kabilang buhay, at ilayo Mo kami sa parusang impyerno)<sup>(4)</sup>.

At :(O nagpapaikot ng mga puso [Allah] patatagin Mo ang aking puso sa Iyong relihiyon)<sup>(5)</sup>.

At kanyang tinatapos [ang Propeta (ﷺ)] ang mga pagpupulong sa pagsabi niya ng: **“Subha-nakalla-humma wa bihamdika, ash-hadu an laa ila-ha illa anta, astaghfiruka wa atu-bo**

---

(1) Muslim.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) Al-Bukhari.

(5) At-Tirmidhi kay Albani.



**ilaika”** (Sa Iyo ang Kaluwalhatian, O Allah, at papuri, ako ay sumasaksi na walang ibang may karapatang sambahin maliban sa Iyo, hinihiling ko ang Iyong kapatawaran at dumulog sa Iyo na (ako ay) nagsisisi.)<sup>(1)</sup>.

At ang Propeta (ﷺ) ay mahiyain, sa makatuwid mas mahiyain pa siya kaysa sa isang dalagang nagtatago sa loob ng kanyang silid (dahil sa kanyang pagkamahiyain), at pag ang isang bagay ay kanyang [ang Propeta ﷺ] kinamumuhian nahahalata ito sa kanyang mukha<sup>(2)</sup>.

At siya ang may pinakabusilak na puso o pinakamahabagin na tao, walang bagay na hiningi sa kanya at magsasabi ng: Hindi o wala<sup>(3)</sup>. Samakatuwid siya ay namimigay ng mga handog na para bang hindi nangangamba na siya ay maghirap<sup>(4)</sup>,

At sinabi pa ng Sugo ng Allah: (Kung mayroon lamang akong ginto tulad (o kasing laki ng bundok) ng uhod, hindi ako magiging masaya nito kung aabutin sa akin ng tatlong gabi na mayroon akong kapisaso nito (ng ginto) maliban lang sa bahagi na gagamitin ko para sa kapakanan ng relihiyon)<sup>(5)</sup>.

At siya ang pinakamahinahon na tao, dahil kapag may dumating sa kanyang tao na nagagalit at hihilain siya

---

(1) Abu Daud kay Albani.

(2) Al-Bukhari.

(3) Al-Bukhari.

(4) Muslim.

(5) Al-Bukhari.

sa kowelyo ng kanyang damit ng malakas na pagkahila at nagkasugat sa kanyang leeg at pagsasabihan siya ng masasamang salita, samakatuwid lilingon lang sa kanya ang Sugo ng Allah at ngingitian lang niya ito, at ipag-uutos niya na bigyan ng mga handog ang taong yaon<sup>(1)</sup>.

At siya ang pinakamatapang na tao, hanggang sa si Al-Barra Bin Malik (kalugdan nawa siya ng Allah) na isa sa pinakamatapang na mga kasamahan ng Propeta (ﷺ) ay nagsabi: sumpa man sa Allah pag kami ay nababalisa na (kapag nakasagupa namin ang mga kalaban sa digmaan) lumalapit na kami sa Sugo ng Allah at sa kanya na kami sumasandal at nagtitiwala, sapagkat katotohanan na ang pinakamatapang sa amin ay yaong lumalapit sa kanya sa panahon ng digmaan dahil sa napakalapit niya sa mga kalaban)<sup>(2)</sup>.

At siya ang takbuan ng kanyang mga kasama sa oras ng kagipitan at pangangailangan, samakatuwid binabayaran pa niya ang utang ng iba niyang mga kasamahan tulad ni Bilal<sup>(3)(4)</sup>, at pinag-aasawa niya yaong mga walang asawa sa kanila<sup>(5)</sup>.

At pumupunta siya sa iba niyang mga kasama para mamagitan tulad ng ginawa niyang pamamagitan kay Jabir sa hudyo na kanyang pinagkakautangan at pabalik balik siya ng tatlong

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) Al-Bukhari.

(4) Abu Daud kay Albani.

(5) Al-Bukhari.

beses para hilingin na bigyan pa ng palugit si Jaber sa kanyang utang<sup>(1)</sup>.

At dumating din sa kanya ang babae na nirereklamo ang kanyang asawa at ito ay kanyang pinakikingnan<sup>(2)</sup>.

At dumating din sa kanya ang lalaki na nirereklamo niya ang kanyang kamelyo na pinapahirapan niya, at tumayo siya kasama ang lalaki at pumunta sila sa kamelyo niya, at nirereklamo naman ng kamelyo sa Propeta (ﷺ) ang nagmamay-ari sa kanya sa dami ng pinapagawa sa kanya at hindi maayos na pag-aalaga (Isinalaysay ni Imam Ahmad sa aklat na Sahih At-Targhib)

Samakatuwid hanggang sa mga hayop ay nagrereklamo sa Sugo ng Allah para kanya itong matugunan, makatotohanan ang sinabi ng Allah: {Hindi ka Namin isinugo [O Muhammad] maliban sa habag sa sangkatauhan}.

At siya ay mapagkumbaba, at hindi siya nagdadalawang isip o nag-aalanganing maglakad kasama ng mga balo at mga mahihirap para tugunan ang kanilang mga pangangailangan<sup>(3)</sup>,

At dumating sa kanya ang babae at nagsabi: (Ako ay may kailangan sa iyo, at kanyang sinabi [Propeta (ﷺ)]: (o nanay ni ginoo ituro mo kung saan daan ang gusto mong daanan natin para matulungan kita sa iyong pangangailangan) pagkatapos

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Al-Bukhari.

(3) An-Nasai kay Albani.

ay tumayo siya [Propeta (ﷺ)] kasama ng babae hanggang sa natugunan ang kanyang [ang babae] pangangailangan<sup>(1)</sup>,

At siya ay inimitahan para kumain ng tinapay na gawa sa barley at taba ng karne, at nag-iba na ang amoy at lasa dahil sa matagal na ito, at kumain siya (para tugunan ang paanyaya sa kanya na kumain)<sup>(2)</sup>,

At sinabi pa niya: (Kahit na ang ibigay pa sa akin ay ang buto ng paa o binti (ng kambing) ay tatanggapin ko at kung anyayahan akong kumain nito ay tutugon ako)<sup>(3)</sup>,

At may kalasag pa siya na naisangla sa isang Hudyo at hindi na niya ito natubos o nabawi hanggang siya ay namatay<sup>(4)</sup>.

At siya ay pinakikisamahan at pinakikitunguhan niya ng mabuti ang mga bata at nakikipaglaro sa kanila.

Sinabi ni Anas Bin Malik (kalugdan nawa siya ng Allah): (Wala ako ni isang nakita na mas mahabagin sa mga bata na higit pa sa Sugo ng Allah<sup>(5)</sup>).

At siya ay dumadaan sa mga bata at bumabati sa kanila ng kapayapaan (Assala-mu Alaikum)<sup>(6)</sup>.

---

(1) Muslim.

(2) Al-Bukhari.

(3) Al-Bukhari.

(4) Al-Bukhari.

(5) Muslim.

(6) Al-Bukhari.



## ANG PATNUBAY NG SUGO (ﷺ) SA LOOB NG KANYANG TAHANAN AT PAGTULOG

**Ang** kanyang mga bahay ay gawa sa laryo (brick), at ang bubong nito ay gawa sa parilya (grid). [Al-Bukhari]

At makipot ito, at kapag nais niyang magpatirapa sa pagdarasal sa gabi, pinapausug niya si Aishah (kalugdan siya ng Allah) kaya binabaluktot nito ang kanyang mga paa upang siya ay makapagpatirapa at kapag nakatayo siya ay inaangat niya ang mga ito<sup>(1)</sup>.

At ang pumapasok sa bahay niya ay nahahawakan ang bobong dahil sa baba nito.

At kapag papasok siya ng kanyang bahay, ay gumagamit siya sa siwak (panlinis ng ngipin)<sup>(2)</sup>.

At bumabati siya ng Salam (kapayapaan) sa sinumang nasa

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

loob nito, at siya ay bumabati ng Salam na hindi magigising ang natutulog at hindi maririnig ng gising<sup>(1)</sup>.

Sa katunayan ay sinabi niya: **“Kapag ang lalaki ay pumasok sa kanyang bahay, dapat niyang sabihin: “Allaahumma inni as-aluka khairal maw-laji wa khairal makh-raji, bismillaahi wa-lajna, wa bismillaahi kharajna, wa alallaahi rabbina tawak-kalna (O Allah, tunay na hinihiling ko sa Iyo ang pinakamahusay na pasukan, at pinakamahusay na labasan, sa Ngalan ng Allah ay nakapasok kami, sa Ngalan ng Allah ay nakalabas kami, at sa Allah na aming Panginoon ay nagtitiwala kami), pagkatapos ay bumati siya sa kanyang pamilya.”** (As-Sahihah wa Sahih Al-Jamia)

At ipinabatid niya na kapag hindi nabanggit ang Allah sa kanyang pagpasok at pagkain, makikisalamuha sa kanila si Satanas sa kanilang higaan at pagkain<sup>(2)</sup>.

At nakaugalian niya na kapag lumabas siya sa kanyang bahay ay sinasabi niya: **“Bismillaahi, tawak-kaltu alallaahi, allaahumma inna na-u-dhu bika min an nazilla aw nuzalla aw na-dhilla aw nu-dhalla aw nadh-lima aw nudh-lama aw naj-hala aw yuj-hala alaina** (Sa Ngalan ng Allah, ipinaubaya ko ang pagtitiwala sa Allah, O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo na ako ay makaligaw o mailigaw,

---

(1) Muslim.

(2) Muslim.

**o magkamali o maimali, o makapang-api o ma-api, o makapanloko o maloko).”<sup>(1)</sup>.**

At ipinabatid niya na ang sinumang nagsabi: **“Bismillaahi, tawak-kaltu alallaahi, wa laa haw-la wa laa quw-wata illa billaahi (Sa Ngalan ng Allah, ipinaubaya ko ang pagtitiwala sa Allah. Walang kapangyarihan at walang lakas maliban sa Allah) sasabihin sa kanya: “Ikaw ay napatnubayan at nasapatan at naprotektahan at nailayo kay Satanas.”<sup>(2)</sup>.**

At may nagsabi kay Aishah (kalugdan siya ng Allah): **“Ano ba ang laging ginagawa ng Sugo ng Allah sa loob ng kanyang bahay?” Sinabi niya: “Siya ay laging nasa paglilingkod ng kanyang pamilya, at kapag narinig niya ang Adhan, siya ay lumabas.”<sup>(3)</sup>.**

At sinabi pa niya: **“Siya ay isa lamang tao, nagtutupi ng kanyang damit, ginagatasan ang kanyang tupa at naglilingkod sa kanyang sarili.” (As-Sahihah)**

At siya ang pinakamabuti sa mga tao para sa kanyang pamilya<sup>(4)</sup>.

At siya ang pinakamahusay sa kanila sa pakikipag-ugnayan, siya ay nakikinig sa mahabang salaysay ni Aishah sa

(1) At-Tirmidhi kay Albani.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) At-Tirmidhi kay Albani.

kadiliman ng gabi, hindi niya ito ginagambala, bagkus inaaliw niya ito pagkatapos nito<sup>(1)</sup>.

At nakikipaghabulan siya kay Aishah, minsan ay nauunahan siya nito at kung minsan ay naunahan niya ito<sup>(2)</sup>.

At noong gustuhin niyang manood sa mga batang lalaki habang naglalaro sila sa araw ng Eid, siya ay nanood sa kanyang likuran hanggang sa magsawa ito<sup>(3)</sup>.

At siya ay umuupo sa kanyang kamelyo at ibinababa niya ang kanyang tuhod upang ipatong ng kanyang asawa na si Safiyyah (kalugdan siya ng Allah) ang paa nito sa kanyang marangal na tuhod upang makasakay siya sa kamelyo<sup>(4)</sup>.

At nagtitiis siya sa paninibugho ng kanyang mga asawa at nagtitiyaga siya sa kanila at inaaliw niya sila<sup>(5)</sup>.

At ang kanyang kama ay gawa sa balat na ang pampakapal nito ay balat ng palmera pati na rin ang unan niya<sup>(6)</sup>, at natutulog siya sa isang banig hanggang sa bumabakas ito sa kanyang kagalang-galang na tagiliran<sup>(7)</sup>.

At kapag siya ay pumunta sa kanyang higaan sa bawat gabi,

---

(1) Al-Bukhari.

(2) Abu Daud kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) Al-Bukhari.

(5) Al-Bukhari.

(6) Al-Bukhari.

(7) Al-Bukhari.



tinitipon niya ang kanyang mga kamay at iniihipan niya ito, at binabasa niya dito ang Surah Al-Ikhlâs (**Qul huwallaahu ahad...**) at Surah Al-Falaq (**Qul a-u-dhu birab-bil falaq...**) at (**Qul a-u-dhu birab-bin-naas...**).

Pagkatapos ay ipapahid niya ito sa pamamagitan nito sa makakaya niya sa ilang bahagi ng kanyang katawan, sinisimulan niya ito sa kanyang ulo, mukha at anumang nasa harap ng kanyang katawan, ginagawa niya ito ng tatlong beses<sup>(1)</sup>.

At sinasabi niya: **“Alhamdulillah allathi at`amana wa saqaa-na wa kafa-na wa awaa-na fakam mimman la kaa-fiya lahu wa la mu`wiya** (Ang papuri at pasasalamat ay sa Allah na nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagbigay ng kasapatan sa atin at nagpatira sa atin, sapagka’t napakaraming walang nagbibigay ng kasapatan sa kanya at walang matutuluyan).”<sup>(2)</sup>.

At naging kaugalian niya na kapag humiga na siya, inilalagay niya ang kanang kamay niya sa ilalim ng kanang pisngi niya at sinasabi niya: **“Allahumma qini `atha-baka yawma tab-`athu `iba-daka (O Allah, ilitgas Mo ako sa parusa Mo sa Araw na Iyong bubuhayin ang Iyong mga lingkod).”** (Sahih Abu Daud ni Albani).

At sinasabi niya: **“Bis-mikallaahumma amoo-tu wa ahya (Sa Ngalan Mo, O Allah, ako ay namamatay at nabubuhay).”<sup>(3)</sup>.**

(1) Al-Bukhari.

(2) Muslim.

(3) Al-Bukhari.

At nakaugalian niya ang pagtulog sa kanyang kanang tagiliran at sinasabi niya: **“Allaahumma as-lamtu nafsi ilaika, wa waj-jahtu wajhi ilaika, wa faw-wadh-tu amri ilaika, wa al-ja’tu dhah-ri ilaika, ragbatan wa rahbatan ilaika, laa mal-ja-a wa laa man-ja minka illa ilaika, a-mantu bi kitaa-bika allathi an-zalta, wa bi nabiiyyika allathi ar-salta (O Allah, isinuko ko ang aking sarili sa Iyo, at ibinaling ko ang aking mukha sa Iyo, at inilaan ko sa Iyo ang kaganapan ng buhay ko, idinulog ko ang aking likod sa Iyo sa paghahangad at pagkatakot sa Iyo, walang kanlungan at walang makakatakas mula sa Iyo maliban sa Iyo, ako ay naniwala sa Iyong Aklat na Iyong ibinaba at sa Iyong Propeta na Iyong isinugo),”**

At sinabi ng Sugo ng Allah: “Sinuman ang magsabi nito, pagkatapos ay namatay siya sa gabing iyon, siya ay namatay sa kalikasan (Islam).”<sup>(1)</sup>

At lagi niyang sinasabi: **“Allaa-humma khalaqta nafsi wa anta tawaf-faaha, laka mamaa-tuha wa mahyaa-ha, in ah-yaitaha fah-fadh-ha, wa in amat-taha fagh-fir laha, allaahumma inni as-aluka al-afiyah (O Allah! Katotohanan, Iyong nilikha ang aking kaluluwa at Ikaw ang babawi nito. Sa Iyo ang kamatayan at pagkabuhay nito. Kung papanatilihin Mo itong buhay ay pangalagaan Mo ito at kung ito ay babawian Mo ng buhay ay patawarin Mo ito. O Allah! Hinihiling ko sa Iyo na ako’y**

---

(1) Al-Bukhari.

**pagkalooban ng kalusugan).”<sup>(1)</sup>.**

At nakaugalian ng Propeta (ﷺ) na hindi siya natutulog hangga’t hindi nababasa ang Surah As-Sajdah (Kabanata 32) at Surah Al-Mulk (Kabanata 67)<sup>(2)</sup>.

At itinalaga niya ang pagbigkas ng Ayat Al-Kursi bilang isang kaaya-aya<sup>(3)</sup>.

At ang huling dalawang talata mula sa Surah Al-Baqarah, at ipinabatid niya na ang sinumang magbasa nito sa isang gabi ay sasapat para sa kanya<sup>(4)</sup>.

At itinalaga niya bilang isang kaaya-aya na sabihin: **“Bismika rabbi wa da’tu jambi, wa bika ar-fa-uho, fa in amsakta nafsi far-hamha, wa in arsal-taha fah-fadh-ha bima tahfadhu bihi iba-dakas sa-liheen (Sa Ngalan Mo aking Panginoon, inilagay ko ang tagiliran ko at sa pamamagitan Mo ay ibabangon ko ito, kaya kung pinigilan Mo ang aking kaluluwa ay Iyong kahabagan ito, at kung ibabalik Mo ito ay pangalagaan ito tulad ng pangangalagang ipinagkaloob Mo sa Iyong mga matutuwid na tagapaglingkod).”<sup>(5)</sup>.**

At sabihin: **“Allaahumma `a-limal ghaybi was shaha-**

---

(1) Muslim.

(2) At-Tirmidhi kay Albani.

(3) Al-Bukhari.

(4) At-Tirmidhi kay Albani.

(5) Al-Bukhari.

**dati fa-tiras samaa-wati wal ardi, rabba kulli shai-in wa mali-kahu, ash-hadu alla ilaha illa anta, a-u-dhu bika min sharri nafsi wa min shar-ris shaita-ni wa shir-kihi (O Allah, ang nakababatid sa nakalingid at nakalantad, ang Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan, ang Panginoon ng lahat ng bagay at Nagmamay-ari nito, ako ay sumasaksi na walang Diyos maliban sa Iyo, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa kasamaan ng aking sarili at mula sa kasamaan ni Shaitan at sa kanyang pagtatambal).**<sup>(1)</sup>.

O Allah, pagpalain Mo ang aming Propeta Muhammad, ang kanyang sambahayan at ang kanyang mga asawa at mga supling.

Tulad ng pagpapala Mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim, tunay na Ikaw ay kapuri-puri, kapita-pitagan, at biyayaan Mo ang aming Propeta Muhammad, ang kanyang sambahayan, at ang kanyang mga asawa at mga supling.

Tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at sa angkan ni Ibrahim, tunay na Ikaw ay kapuri-puri, kapita-pitagan,

O Allah, yaman din naman na pinagkaitan kaming masilayan ang minamahal naming Sugo ng Allah makaupo siya at makasama siya sa mundo,

Huwag Mo kaming pagkaitan yaon sa Huling Araw, at

---

(1) Abu Daud kay Albani.

ipagkaloob Mo sa amin na makatabi ang minamahal sa Paraiso,

Hayaan Mong maaliw kami sa pagtingin sa kanya at pakikipag-usap,

At dalhin kami sa kanyang lawa at painumin mula sa kanyang marangal na kamay ng isang inumin na hindi kami mauhaw pagkatapos nito kailanman.

At pagkalooban kami ng kanyang pamamagitan, O Mapagkaloob,

O Allah, tulungan kaming maitaguyod ang kanyang Sunnah at sundin ito sa bawa't maliit at malaki nito

At gawin siya at ang kanyang Sunnah na maging mas mahal namin kaysa sa aming mga magulang, mga anak at lahat ng tao,

O Allah, gantimpalaan Mo siya para sa amin ng pinakamabuting gantimpala at tuparin ito ng buong buo, at gantimpalaan Mo siya ng pinakamabuting gantimpala na Iyong ipinagkaloob sa isang Propeta para sa kanyang mamamayan.


At pagkalooban Mo siya ng pamamagitan at pagkabukod-tangi at iangat siya sa kapuri-puring katayuan na Iyong ipinangako sa kanya, katotohanang Ikaw ay hindi sumisira ng pangako.



# IslamHouse.com

 IslamHouseTI

 islamhouse.com/tl/

 islamhouse.com/tl/

 user/IslamHouseTI


For more details visit  
[www.GuideToIslam.com](http://www.GuideToIslam.com)



contact us :Books@guidetoislam.com

 Guidetoislam.org

 Guidetoislam1

 Guidetoislam

 www.Guidetoislam.com

## جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: +966114454900 شاكس: ١٣٦-٩٦٦١١٤٩٧ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧  
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126



OFFICERABWAH







osoulcenter



[www.osoulcenter.com](http://www.osoulcenter.com)

To Download This Book, please Visit:



**OSOUL**  
STORE

[osoulstore.com](http://osoulstore.com)

